
# Shanna Lucas

EBOOK CATALOG BATCH 1

Bedding the Mob Princess
Angel's Seduction
Obsessed

Purchase them here.


BEDDING THE MOB Princess
POLIVEGA GIRLS SERIES
SHANNA LUCAS

Para kay Phoebe Polivega, walang ibang lalaking makakapantay kay Rigor Cortez, her father's bodyguard. Ito lang ang gusto niyang maging boyfriend at mapangasawa balang-araw.

But Rigor was intent on ignoring her feelings, and kept on giving her reasons to stop pining for him.

*He was ten years her senior.* Uhm, but she liked that he was older?

*He was unconventional and kinky.* Damn, that was hot.

*Sa isang kapatid lang ang tingin nito sa kanya*. But she didn't think so. Dahil parang kinakagat naman nito tuwing pinagseselos niya ito, it had even got to the point that he secretly bedded her for two weeks…

Pero marahil ay mali ang pinaniwalaan niya. Dahil nang magkabistuhan, mas pinili ni Rigor na sundin ang daddy niya na huwag na siyang muling hahawakan kaysa ipaglaban siya.

*Ouch*.

# BEDDING THE MOB *Princess*

THE POLIVEGA GIRLS SERIES

SHANNA LUCAS

# Prologue

It would end tonight. Ang kahibangan ni Phoebe kay Rigor, tatapusin na niya. Alam niya, ilandaang ulit na yata niya iyong nasabi habang pinagsususuntok ang unan at umuungol sa frustration sa silid niya. But this time, she really would get him out of her system, her heart, her life, once and for all. Nakaisip siya ng epektibong paraan para magtagumpay na siya.

"Miss Phoebe!"

Shit. Nahuli pa siya.

Tumatakbong lumapit sa kanya ang dalawang security sa underground floor ng Club Extas, the most exclusive sex club in the

city owned by her dad. Alam niya na nandoon si Rigor kapag Wednesday and Saturday nang ganoong oras. `Di sinasadyang narinig niya iyon sa kuwentuhan ng ilang tauhan ng ama niya dati. Kung dati ay ayaw niyang isipin na nagpa-participate si Rigor sa hedonistic activities sa sex club, ngayon ay iyon ang talagang sinadya niya. She was hoping to witness it.

"Hindi ka puwede rito, miss."

"And why not?"

"Members lang po ang makakapasok rito."

"Excuse me? Anak ako ni Dad, ako pa ang pagbabawalan mo? Okay ka lang?"

"Err, baka po kami mapagalitan ni Boss kapag hinayaan ka namin."

"Sheesh. I'm already twenty-one. Mas matanda pa kaya ako sa ibang members at staff dito."

"Hindi talaga puwede, miss. Kailangan n'yo na pong umalis."

No way. May misyon siya sa pagpunta roon at hindi siya aalis hangga't hindi iyon

nagagawa.

"E-escort-an na kita palabas, Miss Phoebe," sabi ng isa pa sa dalawang security. Humakbang ito palapit sa kanya.

No choice. Kailangan niyang gumamit ng dahas. Kinuha niya ang switch blade na naka-conceal sa strap ng gym bag niya at itinutok sa leeg ng security na lumapit sa kanya. Napanganga ito, more from surprise than fear for his life.

"Diyan ka lang kung ayaw mong kumalat ang dugo mo sa sahig," banta niya. "Kayong dalawa, kanina n'yo pa inuubos ang pasensiya ko. You know who I am, right? Pero may gana pa rin kayong pagsabihan ako? I'm Phoebe Polivega, and your *boss* is my dad. Kaya kapag may gusto akong gawin, makabubuting huwag n'yo na lang akong pakialaman. Naiintindihan n'yo ba?"

"Pero miss…"

Sumingkit ang mga mata niya. "Sinusubukan mo talaga ang pasensiya ko?" Medyo idiniin niya ang kutsilyo sa leeg nito,

hindi nag-aalala. She knew that these men had been through worse. “Kapag ipinamana sa akin ni Dad ang organisasyon, kayo ang unang-unang lagot sa akin.”

Nagulat ang dalawa sa sinabi niya at sapat na ang pagka-caught off guard ng mga ito para hindi makapag-isip nang maayos. “S-sige po, miss. Pasensiya na po.”

Umatras ang mga ito para magbigay-daan sa kanya.

Itinago na niya ang switch blade at taas-noong naglakad, feeling proud of herself. Kahit babae siya, anak pa rin siya ng ama niya. Nasa kanya ang dugo nito.

Habang palayo siya ay narinig pa niya sa likuran ang pag-uusap ng dalawang security.

“Hindi kaya malintikan tayo kay Boss na pinatuloy natin si Miss Phoebe?”

“Subukan mo si Rigor. Sa kanya pa lang lagot na tayo mamaya!”

She didn’t doubt that. That stupid, annoying Rigor. Her father’s second-in-command. Napaka-protective nito sa kanya

pero unang-una rin namang nananakit sa kanya. To hell with him. Pagod na siya sa mga pambabalewala nito sa damdamin niya.

*Time to kill this love.*

Binuksan niya ang pinto ng unang private room na narating. Napasulyap sa kanya ang dalawang lalaki at isang babaeng magkakayapos sa loob.

"Sorry," apologize niya. Bakit hindi binuksan ng mga ito ang ilaw na mag-i-indicate na occupied ang room na iyon?

"We've been waiting for you, beautiful. Join us," sabi sa kanya ng isa sa dalawang lalaki, mukhang disente sa suot na power suit, but she knew better. *Pervs* ang mga male member ng club.

The women? Probably nymphos. Well, some of them maybe. Ang iba ay liberated at open-minded lang siguro talaga kaya walang kiyeme sa pakikipag-sex sa kung sino-sino.

"Um, sorry, may naghihintay sa akin," sabi niya at muling isinara ang pinto.

Kahit nakapatay rin ang *OCCUPIED* sign

sa sumunod na pinto ay maingat muna siyang sumilip. Nang makitang walang tao ay saka lang siya pumasok. She locked the door. Umupo siya sa couch. *Yes! I made it here. Successful*.

Base sa narinig niya kanina sa mga tauhan ng ama niya, mukhang nasa Club Extas nga si Rigor kaya malaki ang chance na makita niya ito. Inilibot niya ang paningin at nang mamataan ang remote control ay kinuha iyon.

Huminga siya nang ubod lalim. Alam niya na kapag ganoong oras ay nagsisimula na ang "special show" sa club na sinadya niya roon. *Is he participating in that now?* She would find out.

Pigil ang hininga, pinindot niya ang isang button sa remote. Nahawi ang draperies sa harapan niya.

Bagaman may ideya na siya sa dapat na i-expect ay nalaglag pa rin ang panga niya nang bumulaga sa kanya ang nasa likod ng malaking glass window na natatakpan ng

kurtina kanina. The infamous orgy at Club Extas. Mga professional exhibitionist at club members na nagtatalik sa isang malaking silid na mapapanood buhat sa lahat ng private rooms na viewing rooms talaga. Nasa gitna kasi ng underground floor ng club ang orgy stage na tinatawag rin na aquarium.

Sa tantiya niya, humigit-kumulang dalawang dosena ang mga taong nasa aquarium. Naka-costume ang karamihan sa mga ito, may ilang fully naked pero lahat ay naka-masquerade mask. Nagmukhang circus iyon kung saan ang mga performer ay hindi nagta-trapeze kundi nagse-sex.

Yes, sex. *Real* sex. Hindi katulad ng mapapanood sa hardcore porn na halatang fake naman o acting lang. Ang mga tao sa aquarium ay kitang-kita na naliligayahan.

Wala sa loob na tumayo siya habang hinahagod ng tingin ang nasasaksihan, tumatahip ang dibdib. *Don't let him be here. Don't let him be here…*

Kung kanina ay positibo siya na ang live

show na iyon ang kailangan para matapos na ang obsession niya kay Rigor, ngayon naman ay natatakot siyang makita itong kasama ng mga exhibitionist na iyon. Ang masaksihan itong nag-e-enjoy sa kamunduhan sa kanyang harapan, hindi niya yata kakayanin.

Parang huminto sa pagtibok ang puso niya nang mula sa kabilang panig ng aquarium ay natanaw niya ang hindi niya maipagkakamali sa iba na ink black na buhok ni Rigor. Sa lahat din ng naroon ay ito lang ang hindi naka-mask.

*Proud sa kagaguhan mo, Rigor? Damn you*.

Nagpalit ng posisyon ang magkapareha na bahagyang tumatakip sa view niya kay Rigor kaya nakita na niya nang buo ang ginagawa nito. Nakaluhod ito habang may binabarenang babae na gaya nito ay nakaluhod rin sa sahig. Napasinghap na humawak siya sa leeg.

He was fully naked. At bagaman hindi lang ito ang lalaki roon, ito ang pinagtitinginan ng mga babae na para bang

ini-imagine na ito ang tumitira sa mga ito nang sandaling iyon. She couldn't blame them. Rigor was the most attractive man *ever*.

Kapansin-pansin ang likod nito na may malaking tattoo ng bungo ng tao. Ang mala-batong muscles nito sa katawan ay namumutok habang determinado itong nagpapabalik-balik sa likuran ng kapareha nito na ngayon ay dumadaing na at kinakalmot ang carpet habang sumasabog.

*I hate you, Rigor. I hate you!*

Must be his sixth sense, bigla itong lumingon sa kinaroroonan niya. Sabay pa silang natigilan nang magtagpo ang mga mata nila.

Shit. Now what? Hindi niya pinlanong magpakita rito. Naisip niya lang na kapag nasaksihan ng mga mata niya kung gaano kawalang halaga para kay Rigor ang damdamin niya para dito, baka magising na siya sa kabaliwan niya. But now that he'd seen her too, hindi niya alam ang gagawin.

Tumayo ito at iniwan ang babaeng kaniig

para humakbang palapit sa kinaroroonan niya. Gusto sana niyang tumakbo, pero ayaw gumalaw ng mga paa niya. But in spite of her shock, nakuha pa rin niyang hagurin ang kabuuan ni Rigor. Tumigil ang mga mata niya sa nakatayong pagkalalaki nito. Gumalaw iyon na ikinataas uli ng tingin niya sa mukha nito.

He had a stoic expression, but she knew the truth. He was pissed to find her here. Instinctively, she raised her chin defiantly. *Nandito na ako, nakita na kita. Ano pa'ng magagawa mo?*

Hindi nito nagustuhan ang paghahamon niya rito. Pumitik ang ugat sa sentido nito, pero wala pa ring pagbabago sa mukha. Isa iyon sa pinaka-frustrating tungkol kay Rigor para sa kanya: ang pagtanggi nito na ipakita ang nararamdaman, lalo na sa kanya.

May babaeng yumakap rito buhat sa likuran. Kulang na lang ay maglabas ng sibat ang mga mata ni Phoebe, gustong patayin ang babaeng iyon. Nakatingin pa rin nang diretso

sa kanya si Rigor, tila ito naman ang naghahamon.

*You came to watch me? Then watch.*

Hinila nito sa braso ang babaeng kumukuha sa atensiyon nito, itinulak iyon sa sahig at kinubabawan. Awtomatikong pumaikot ang mga binti ng babae sa beywang nito at lumaki ang mga mata ni Phoebe nang bumaon nang malakas si Rigor sa pagitan ng mga hita niyon, plowing her with his big cock. The woman yelled in sheer pleasure.

Parang sasabog ang puso niya sa nasasaksihan. Gustong-gusto niyang tumakbo pero hindi pa rin nakikisama ang mga paa niya. At kahit masakit, hindi rin niya maalis ang mga mata kay Rigor habang paulit-ulit na pumapalo ang balakang nito sa babae sa ilalim nito.

*Please stop*. Pero hindi tumigil sa kamunduhan ang mga ito. Hindi niya alam kung gaano katagal niyang pinanonood ang mga ito. Ang alam niya lang, dalawang beses nang sumigaw ang babae matapos dalhin sa

langit ni Rigor, at malapit na yatang magtatlo dahil namimilipit na naman ito.

Yet, si Rigor ay parang malayo pa roon. He was thrusting powerfully, nakalabas ang litid sa leeg, pero kahit ano'ng gawin nito, walang nangyayari rito. Sa wakas, nakitaan ito ng emosyon ni Phoebe nang inis na tumayo ito at muling sinalubong ang mga mata niya.

Kumurap-kurap siya, then she bolted toward the door and ran.

SABAY na sinakal ni Rigor sina Kit at Mikko.

"Bantay ba kayo rito o ano? Paano nakapasok si Phoebe sa loob?"

"Arkh harkkuk." Si Kit.

"Dalawa kayo. Isa lang siya. Nalusutan pa kayo?" Inangat niya ang mga ito sa sahig. "I could kill the two of you."

Nang nagbabago na ang kulay ng mukha ng mga ito ay saka lang niya pinakawalan. Umubo ang mga ito.

"Ipaliwanag n'yo ang nangyari," utos niya sa dalawang bugok. Baguhan lang ang mga ito

kaya hindi na kataka-takang pumalpak. Pero sa lahat ng kapalpakan, iyon pa talagang pinakaayaw niyang mangyari.

Si Phoebe sa viewing room ng Club Extas. Fuck. Malamang ay sa itaas ito dumaan, sa pad na dating ginagamit ng ama nito, pagkatapos ay nag-elevator pababa ng underground floor ng Club Extas.

"Binanggit niya ang organisasyon."

Napatingin siya kay Kit. "Ano'ng sabi mo?"

"Binanggit niya ang pagpapamana sa kanya ni Boss sa organisasyon. Hindi ako sigurado kung nagsasabi siya ng totoo o hindi kaya hindi ko alam ang gagawin ko."

"Of course, she only lied," he hissed, mas namroblema pa nang malaman na hindi nalilingid kay Phoebe ang tungkol sa underground organization ng ama nito. Kailan pa? "Dapat tinawag n'yo ako bago kayo nagdesisyong hayaan siyang pumasok."

"Paano? Alam naming nasa aquarium ka."

"Mas lalong dapat tinawag n'yo ako!" Para

hindi na siya nakita ni Phoebe kanina. Kung alam niyang parating ito, tatakbo siya palabas kahit hindi niya gawain ang pagtakbo kahit ano pa ang nasuungan niya. Kahit isandaang miyembro ng gang ang gustong pumatay sa kanya, nakikipagbakbakan pa rin siya. He was not the type who would just run away from something.

Maliban kung may kinalaman kay Phoebe.

"Ayusin n'yo na ang trabaho n'yo," mapagbantang sabi niya kina Kit at Mikko bago siya lumabas ng club.

Sumakay siya ng Lamborghini niya, his second one, a matte black Aventador. Habang nagda-drive ay nakatiim ang bagang niya. Bakit nagpunta si Phoebe sa Club Extas? Tama ba siya na ginawa nito iyon para lang makita siya sa aquarium? Ipinadaan niya ang mga daliri sa buhok. What a troublesome kid.

*Kid?* Who was he kidding? Matagal na niyang hindi nakikita si Phoebe bilang bata. Even before he'd secretly bedded the boss' princess two years ago…

# Chapter 1

Lumabas si Phoebe ng back door ng family mansion nila sa Tagaytay. Nagtungo siya sa barracks ng mga tauhan ng ama. `Yong mga lalaking nagpapanggap na guard, driver, pool cleaner o hardinero nila.

Isa sa mga ito si Rigor, their team leader. Walang nabanggit si Rigor sa kanya na na-promote ito buhat sa pagiging bodyguard/driver ng daddy niya. Napansin niya lang na in-assume nito ang posisyong iyon matapos lumipat ang family niya sa Tagaytay three years ago, when she was sixteen years old. Tingin niya, gusto ng daddy niya na maging full-time family man kaya ipinasa na nito ang

ilan sa mga dating obligasyon nito kay Rigor.

She'd known Rigor since she was thirteen going on fourteen. He was the baddest man a girl could ever wildly dream about. Darkly handsome with a body more sculpted than Roman god statues.

He was twenty-nine, mas matanda sa kanya nang ten years, at palagi nitong binabanggit o ipinaparamdam iyon sa kanya. Sa tingin niya ay sinasadya nito iyon para tigilan na niya ang pangangarap dito at ituon ang atensiyon niya sa ibang boys.

Pero ano'ng magagawa niya? Kahit subukan niyang tumingin sa iba, ang nakikita niya lang ay ang kakulangan ng mga iyon kapag ikinumpara dito. Si Rigor na ang naging standard niya ng perfection.

Pagtapat niya sa pinto ng kuwarto ni Rigor ay eksaktong lumabas ang roommate nito na si Don. "Don't shut the door!" pigil niya rito at nagmamadaling pumasok sa loob. "Kakausapin ko si Rigor."

"Err, he's—"

"It's okay. You can go. Ako na'ng bahala rito."

Halatang hindi lang siya nito mapahindian. Pero base sa pagkakamot nito bago umalis, alam nito na mananagot ito mamaya kay Rigor dahil sa pagpapapasok sa kanya. Hindi siya allowed sa barracks ng mga ito.

Isinara niya ang pinto. The room was military-style. Very plain at halos walang mga kagamitan. Kung ang pagbabasehan lang ay ang tinutuluyan ni Rigor doon, hindi madaling hulaan na may Lamborghini ito. Bukod sa pagiging tauhan ng daddy niya ay top underground fighter din ito.

The only expensive stuff in the room was the high-tech computer hooked on another equipment on the office table. And possibly, ang nilalaman ng metal cabinets sa dingding. Kahit hindi niya nasilip, she'd watched a lot of action films at kaya na niyong paganahin ang imahinasyon niya.

Natigilan siya sa paghakbang. Narinig kasi

niya na bukas ang shower. Naliligo si Rigor? Baka iyon ang sasabihin dapat sa kanya ni Don kanina. Imbes na lumabas, pinili niyang hintaying matapos si Rigor at umupo siya sa bunk bed.

Namatay ang shower. Bumukas ang pinto ng banyo bago nakita niya si Rigor na lumabas. Hindi siya nito agad napansin dahil sa kabilang direksiyon ito nakaharap. Tinutuyo nito ng towel ang buhok.

Wala itong suot.

Nakatulalang pinagmasdan ito ni Phoebe. Ilang beses na niya itong nakitang walang pang-itaas sa gym nito noon, pero ngayon pa lang niya ito nakitang fully naked. Yup. He was perfect indeed. Lalo siyang nawalan ng interes sa ibang lalaki dahil duda siyang may makakatalo sa ganda ng katawan nito.

Especially his ass. Rigor had the firmest, sexiest-looking ass. Napalunok siya habang pinagmamasdan ang bahagi ng katawan nito na iyon.

Natigilan ito sa pagkuskos ng towel sa

buhok nang maramdaman ang ibang presensiya sa kuwarto. Umikot ito paharap sa kanya at nagulat. "The hell? What are you doing here?"

"Uh… hinihintay ka."

"Damn it, kitty. Hindi ba pinagbawalan ka ng daddy mo na pumunta rito?"

Pinapagalitan siya nito pero dinaluyan ng kilig ang katawan niya sa pagtawag nito sa kanya ng "kitty." He'd started calling her that when she was sixteen. He said it was because she reminded him of a very cute kitty or something, pero feeling niya ay secret term of endearment talaga nito iyon sa kanya.

"May itatanong ako sa iyo," sabi niya.

Parang sobrang komportable ni Rigor sa sariling katawan dahil tila hindi pa rin nito nari-realize na nakahubad ito sa harapan niya. Pero nang dumako ang tingin niya sa bagay na naka-hang sa ibaba ng puson nito, natauhan ito at nagmura.

Lumapit ito sa metal drawer para kumuha ng maisusuot. Grey T-shirt. A pair of old

jeans. That was it. *Hindi siya nag-a-underwear?*

Rigor going commando all day, everyday, was hot. Very hot.

"Huwag kang basta-basta pupunta rito, Phoebe. Puro kami mga lalaki dito," patuloy na panenermon nito sa kanya habang nagsi-zipper ng jeans, pero hindi nag-abalang ibutones iyon.

"I don't think any one of my dad's staff will try to harm me."

"Yes, they won't dare, because they know I will kill them. But there are things you're not supposed to see."

Their secret. Na hindi na naman sikreto sa kanya. Noong sixteen years old pa lang siya ay na-figure out na niya iyon.

"A naked man for example."

"I'm nineteen. Legal na akong makakita n'on," sagot niya na ikinakunot ng noo nito. "By the way, you know Chico, right?"

"The boy next door."

Pag-aari ng pamilya ni Chico ang property

na katabi ng sa kanila. Pero sa Metro Manila talaga nakabase ang mga ito at kapag weekend at bakasyon lang nasa Tagaytay. Still, she and Chico were quite close. Parang nakababatang kapatid ang tingin niya rito despite the fact na magkaedad sila. May pagka-immature kasi ito, at least sa opinyon niya. Mas kasundo niya ang "oldies."

"What do you think of him?" tanong niya kay Rigor.

Nag-cross arms ito. Hindi ba nito gusto ang topic nila? "He's alright."

"Nag-date kami last week."

Tumaas ang mga kilay nito. "Date? Really?"

"Uh-huh. Nanood kami ng movie." The latest Marvel film. But it wasn't really a date. May utang lang sa kanyang treat si Chico at pinagbayad niya. She liked bullying him.

"Pumayag ang daddy mo na sumama ka kay Chico? I know the boss doesn't like Chico."

"Oh, he's not fond of him. Pero dahil three

years ko nang friend si Chico at wala naman siyang masamang ginawa, I guess okay na rin kay Dad na magkasama kami."

"Sure. But why are you asking my opinion of him?"

"You said before that you're like my older brother, at kung may tanong ako tungkol sa boys, huwag akong mag-atubiling lumapit sa iyo. Gusto kong malaman kung pasado sa iyo si Chico para sa akin."

Actually, ang gusto lang talaga niya ay makita ang reaksiyon nito kapag nalaman na nagkakainteres siya sa ibang lalaki. Kung mate-threaten ba ito or what. Kahit kasi sinabi nito noon na para na siya nitong nakababatang kapatid, iba ang gusto niyang paniwalaan. Gusto niyang isipin na nagsinungaling lang ito, and that he liked her too. *Fingers crossed.*

"Why, is he already your boyfriend?" Bahagyang kumunot ang noo nito.

"Wala pa kaming label ni Chico. We just know that we like each other, that's it. But I'm

not sure kung okay lang na ibigay ko sa kanya ang gusto niya kahit hindi naman niya ako official girlfriend. That's why gusto ko sanang hingin ang point of view ng isang lalaking gaya mo, hindi lang kay Tita Sab."

Naibaba nito ang mga braso. "Ano'ng *hinihingi* niya sa iyo?"

"I think alam mo na iyon."

"The fuck? I'll kill that kid nine times!"

Okay. He was mad. Pero hindi niya masabi kung dala iyon ng selos o protectiveness sa kanya. Daig pa kasi nito ang daddy niya pagdating sa pangalawa.

"Don't. Normal lang naman iyon sa boys and girls."

"Heck, no! You're only nineteen, kitty. Kapag thirty ka na at kasal, sure. But not before that."

Ugh. Parang hindi nga yata ito nagseselos. Ganoong-ganoon din ang nai-imagine niya na sasabihin ng daddy niya.

"I hope that's only a joke, because I know you're not conservative, Rigor."

"Lalaki ako. Walang nawawala sa akin, hindi tulad sa inyong mga babae. Kaya huwag kang magpapabola kay Chico. If he loves you, hindi ka niya ipe-pressure sa kahit ano na hindi ka komportableng gawin."

"Wala akong sinabing hindi ko iyon gusto."

Pause. Parang hindi nito maproseso ang sinabi niya.

"I'm nineteen. Nakakagulat ba iyon?" pukaw niya rito.

"I see. Teenage hormones. That's only it. You don't really want to do it with him, trust me. Nagkakagulo-gulo lang ang hormones mo. Magpa-prescribe ka ng pills sa doctor or something. I don't know. I'm sure there's a way to control your… urges."

"What if it's not physiological? Paano kung gusto ko talagang malaman how it's like to be with a boy that way?"

"Okay, maybe it's curiosity. Manood ka ng porn." Seryosong-seryoso ito nang sabihin iyon.

"I already have. I didn't like it. Walang feelings. Unlike what I want to experience."

"Shit. You're only going through a phase. Tiisin mo muna hanggang sa mahanap mo ang tamang lalaking pakakasalan mo balang-araw. I'm sure it will be worth the wait."

"No thanks. Hindi makaluma ang beliefs ko. May sex club ang dad ko, remember?" Tumayo siya. "But thanks anyway sa advice."

Humarang ito nang magtungo siya sa pinto. "Kitty, listen to me. Huwag kang padalus-dalos sa desisyon mo. Ang ibibigay mo sa lalaki, hindi iyon isang bagay na mababawi mo pa kapag nagsisi ka."

"Don't worry about me. I'm already a big girl." Lumabas na siya, fingers still crossed. Sana pigilan ni Rigor ang pinaplano niya.

"HINDI ko gusto ang idea mo, Phoebe."

"Are you my friend or what?" sabi ni Phoebe kay Chico. Ipinuslit niya ito sa kuwarto niya. Alam niyang hindi iyon makakaligtas kay Rigor.

Wala ang daddy, Tita Sab niya at si Piper sa bahay. May appointment sa dentist ng kapatid niya.

"Ikaw, kaibigan mo ba ako? Bakit parang gusto mo na akong mamatay?" tanong rin ni Chico. Takot ito kay Rigor.

"You're my friend, that's why humihingi ako ng favor sa iyo. Let's just do this, okay? I promise, walang mangyayari sa iyo—"

Hindi pa siya tapos magsalita ay kinalabog ni Rigor ang pinto sa labas kaya pareho silang napaigtad sa gulat ni Chico. "Phoebe! Nakita kayo ni Gus sa surveillance. Bakit kayo pumasok ni Chico sa kuwarto mo?"

"Shiiiit, Phoebe…" parang maiihi sa salawal na sabi ni Chico, kinagat ang likod ng kamay nito. Kung hindi lang ito malandi sa girls, pagkakamalan niyang bakla.

"Relax," sabi niya, kahit pa nga ba maging siya ay kinakabahan.

"Phoebe! Buksan mo ang pinto o sisirain ko ito!"

"Go away, Rigor! Wala kaming ginagawa!"

malakas na sigaw niya. Bumaling siya kay Chico. “Tanggalin mo ang shirt mo, dali,” pabulong na utos niya.

“No way! He really will kill me!”

“Hindi aabot doon, I swear. I just want to see kung ano ang magiging reaction niya.” Siya na ang umabot sa shirt ni Chico at pilit na hinubad iyon dito.

“Maawa ka naman sa akin, Phoebe!”

“Shhh!” pagpapatahimik niya rito. “Umupo ka na lang din dito sa kama.” Hinila niya ito. Bumagsak ito sa mattress kasabay ng paglipad pabukas ng pinto. Sabay uli sila ni Chico na napatingin doon.

Pumasok si Rigor, namumula ang mga mata sa galit. *Uh-oh*. Nagkamali ba siya ng tantiya sa kalalabasan ng plano niya? Nanganganib ba si Chico rito?

“Uh… Rigor. Bakit ka nandito?”

“May babalian ako ng buto.” Bago pa nito masunggaban si Chico sa kama, itinapon niya rito ang kanyang sarili.

“Don’t, Rigor!”

"Ahhhh!" tumatakbong sigaw ni Chico.

Hinigpitan niya ang kapit kay Rigor nang tangkain nitong sundan si Chico. "Stop! Let him go!"

"He's dead!"

"Ugh! Just stop! Bakit ka ba nakikialam sa amin?"

Doon pa lang siya binalingan ni Rigor, disbelief written all over his face. "You really will have sex with that spineless boy because of curiousity?"

"It's not out of curiousity, at nagawa na namin." Lumabas iyon sa bibig niya nang hindi niya napag-iisipan. *Damn*.

Nawalan ng emosyon ang mukha ni Rigor. "You have, huh? Really now?"

"Yes. Eh ano naman? I don't regret it." Sabi nga, magsinungaling ka nang isang beses, manganganak iyon nang manganganak dahil kailangan mong panindigan ang ginawang kasinungalingan.

"Wala pang two minutes, tapos na kayo? Such stamina that boy have, eh?"

"Ang yabang mo! Don't insult him, he's actually good— Eeeh!" sigaw siya nang buhatin siya ni Rigor na parang sako ng bigas at ibinagsak sa kama. "Rigor! What are you doing?"

Hinawakan nito ang mga tuhod niya at hinaklit pababa ang shorts niya. What the heck? What came over him? Pati ang panloob niya ay tinanggal nito. Lalo siyang na-shock. Nang paghiwalayin nito ang mga hita niya, hindi siya nakakilos. She was frozen.

"What did you say, kitty? May nangyari sa inyo? I don't think so."

Oh. Iyon pala ang dahilan kung bakit siya nito in-expose doon, to find out if she lied to him or not. But did he really have to stare that hard? And… touch? Napaigtad na lang siya sa marahang pagdaan ng daliri nito sa kaselanan niya. May init na gumapang doon pataas sa gulugod niya, burning her.

Binitiwan siya nito at lumayo nang ma-realize ang ginawa. But he was wearing a mask as usual, hindi niya alam ang iniisip o

nararamdaman nito nang sandaling iyon. "Don't ever let that boy step into your room again, kitty. Next time, he won't be so lucky. Hindi na siya makakaligtas sa akin."

Umupo siya at tinakpan ng kumot ang pang-ibabang katawan. She was shaken, but not in a bad way. Ang lakas pa rin ng epekto sa kanya ng paghaplos ni Rigor sa kaselanan niya. She was tingling down there.

"W-why did you do that? Isusumbong kita kay Dad."

"Go ahead, kitty. He'll only kill me," sabi nito at lumabas.

Of course, aware ito na hindi niya ito maisusumbong sa daddy niya dahil hindi niya gugustuhing may mangyari rito. Lalo pa ngayon na mas pinalakas nito ang pag-asa niya sa kanilang dalawa, as strong as the craving deep in her belly because of that one touch.

# Chapter 2

Ilang oras nang pabiling-biling si Phoebe sa kama, hindi makatulog kahit ano'ng gawin niya. It was Rigor's fault! Sino'ng nagsabi dito na hubaran, tingnan at hawakan siya nito *doon*? Until now, nararamdaman pa rin niya ang kuryenteng dumaan sa pagkababae niya nang haplusin nito iyon. And that was what it was exactly. A caress.

Why did he do that? Hindi siya nito sinagot kanina. Hindi maaaring aksidente lang iyon. She shivered at the memory of that single gentle stroke on her tender flesh. Akala ba niya ay nakababatang kapatid lang ang tingin nito sa kanya? Earlier, he'd looked at

her as if he desired her, as if he was tempted and was thinking of doing sinful things with her. To her.

Napabangon siya sa kama, mas mainit na ang pakiramdam at hindi mapakali. Aminado naman siyang hindi inosente ang pagtingin niya kay Rigor. She found him hot—who wouldn't?—at maraming pagkakataon na pina-fantasize niya na magkatabi sila, doing things na nagpapatunaw sa kanya. Like holding each other, kissing, touching and more. Pero hindi masyadong detalyado ang mga nangyayari sa kanila sa fantasies niya. Ngayon lang din siya naapektuhan nang ganito katindi ng mga nai-imagine niya to the point na pakiramdam niya ay may contact talaga ang mga katawan nila ni Rigor. That he was touching and kissing every inch of her skin… And licking… And thrusting…

*Oh shit, stop, Phoebe.*

Tumalon siya pababa ng kama, not exactly guilty sa mga naiisip, kundi ayaw lang na lalong maapektuhan dahil hindi na nga siya

makatulog nang dahil doon. Minabuti niyang lumabas ng silid para uminom ng maligamgam na gatas. Pagdating niya sa main kitchen, natigilan siya dahil nandoon rin si Rigor. Noon ay panggabing bodyguard/driver ito ng daddy niya. Hanggang ngayon, kahit tumaas na ang ranggo nito ay madalas pa rin itong nagbabantay sa mansion nila sa gabi.

Lumunok siya bago tumuloy sa loob. Lumingon ito sa kanya, tila distracted kanina kaya hindi namalayan ang pagdating niya. Nang makita naman siya nito ay saglit rin itong natigilan. Siya ba ang laman ng isip nito kanina? Why was he looking at her like that?

Lumapit siya sa two-door ref. Kinuha niya ang fresh milk carton box. "Ano'ng ginagawa mo rito?" Medyo naiilang siya dahil sa nangyari kanina, but at the same time ay natutuwa na nakita niya ito. The beautiful sight of him never failed to give her heart palpitations.

"Nagkakape."

"Ah." Nagsalin siya ng gatas sa mug.

Inilagay niya iyon sa microwave. The atmosphere between them felt different. May sexual tension.

Inabot ni Rigor ang tasa nito ng kape sa kitchen island para uminom, napatingin doon nang ma-realize na wala iyong laman. "Fuck," he cursed. It was the first time he'd acted like a fool, and he knew it, and he seemed angry about it.

Alright. Time for confrontation. Habang sariwa pa ang lahat.

"Bakit mo ako hinipuan kanina, ha?"

"The fuck?" pagmumura na naman nito, this time ay nanlalaki ang mga matang nakatingin sa kanya.

"Talaga namang `yon ang ginawa mo." It wasn't her intention to make him look or feel bad. May gusto lang siyang malaman.

He'd stared at her *with* desire, so much desire na hindi nito napigilang hawakan siya kanina. The way a lover would. Mangyayari ba iyon kung parang kapatid lang talaga siya nito?

Bumalik ang kawalan ng ekspresyon sa mukha nito at kalmado na nang magsalita. “It was an accident. Instinct ng kamay ko.”

Hindi nito itinanggi na hinipuan siya pero mas nakakainis iyong isinagot nito kaysa kung tumanggi na lang ito. “Automatic sa iyo na manghipo kapag nakakita ka ng ano ng babae, gan’on? Ano ka, *perv*?”

“Hindi iyon *hipo* kapag sa kanila.”

Dahil may consent. At aware siya na marami ang nagbibigay rito ng consent.

“And yes, you could say that I’m perverted, Phoebe.” His way of saying *I’m too matured and fucked up for you. Just give up already. Give. Me. Up.*

No way.

Oo, alam niya ang ilang ginagawa nito na “perverted” gaya ng binanggit nito, particularly his wild sexcapades at Club Extas. Aware siya na doon naghahanap ng makaka-one night stand ang dad niya noon, at bilang bodyguard ay sinasamahan ito ni Rigor. That was how Rigor became popular with the girls

at her father's club.

Pero wala siyang pakialam kahit alam niya kung anong klaseng lugar ang Club Extas, at ang kakaibang panlasa ng mga tao doon pagdating sa pakikipagtalik. Walang kahit ano na natuklasan o matutuklasan niya kay Rigor ang makakapagpalit ng isip niya rito. Kahit pa malaman niyang pumapatay ito—which he probably did in a regular basis—ay wala pa ring magbabago sa nararamdaman niya.

"Kung kapatid ang tingin mo sa akin, hindi mo dapat ako pinatos."

"Sa mukha mo ba ako nakatingin kanina? Hindi, `di ba? And I'm sorry, alright? Sinabi ko nang aksidente lang iyon."

Nakakadismaya na maaaring mali siya. Na ang desire na nakita niya kanina ay hindi talaga para sa kanya. Na nakaramdam lang talaga ito n'on kanina dahil nakalimot ito na siya ang babae sa ilalim nito.

"Well, you should be sorry. Para kay Chico iyon." Tumalikod siya at kinuha ang gatas na nakalimutan na niya sa microwave.

"Pinapanindigan mo pa rin ang palabas n'yo kanina?"

"Anong palabas?" pagmamaang-maangan niya.

"`Fess up, kitty. It was your plan all along. Ang paghingi sa akin ng advice at ang pagpapapasok mo kay Chico sa kuwarto mo. Tama ba ako?"

"I don't know what you're talking about. Bakit ko gagawin iyon?"

"I don't know. You tell me." Nag-cross arms ito.

Of course, alam nito ang dahilan. Na sinusubukan niyang pagselosin ito dahil gusto niya ito. More than liked him, actually.

Ever since she'd met him, she'd been giving him the heart eyes. Nang fourteen siya, halos maging stalker siya nito na palaging naghahanap ng dahilan para makita o makasama ito. She was just so fascinated with him.

Pinagbibigyan nito ang constant interruptions niya sa precious time nito, pero

pasimple rin na ipinaparating sa kanya na malabong magkatotoo ang mga pangarap niya sa kanilang dalawa sa pamamagitan ng pagsasabi na nakikita siya nito as a little sister.

`Yon ang pumigil sa kanya na pormal na mag-confess dito. Una, nasasaktan ang batang puso niya sa indirektang "pambabasted" nito. Pangalawa, may pride siya. She was his mighty dad's daughter after all. Susubukan niyang umiwas dito at magiging masungit dito, pero pagkatapos lang ng ilang araw ay naghuhugis-puso na naman ang mga mata niya kapag nakatingin dito.

It must be his tempting biceps that she couldn't resist. Or his sensuous full lips. She loved Rigor's lips, had imagined biting and tugging at them many times.

"I really don't know what you're talking about, Rigor."

"You don't like that boy. He's not even your type."

"At ano naman ang alam mo sa type ko?" *`Yong katulad mo, siyempre.* "Chico is

gorgeous." *Eew*. Imagine saying that you found your annoying younger brother gorgeous. Parang ganoon lang ang lumabas sa bibig niya. Yucky.

"He has no balls. I bet he even screamed like a girl on a rollercoaster ride."

"Ang yabang mo talaga *por que* fighter ka! But I don't care kahit pintasan mo si Chico. Mas pogi pa rin siya sa iyo." Weh. As if anyone could be more beautiful than godlike Rigor. "Diyan ka na. Mag-uusap pa kami sa phone."

Iniwan na niya ito sa kitchen para nasa kanya ang huling salita. *Okay. Ano kaya'ng next move ko?*

"SERYOSO? Nag-organize ka ng party para sa akin?" tanong ni Chico kay Phoebe. Magkausap sila sa cellphone.

"Oo. Pambawi ko sa nangyari last time. Kaya bilisan mo nang pumunta rito."

"May magaganda talagang girls diyan?"

Pinaikot niya ang mga mata. "Yeah.

Magsama ka na rin ng friends mo para mas marami tayo."

"Sure! Pare, sa party ng friend ko na lang tayo magpunta. Malapit lang rin dito," narinig niyang sabi nito sa kung sino. "We'll be there in fifteen to twenty minutes, Phoebs."

"Hihintayin namin kayo." Ibinaba niya ang cellphone, medyo nagi-guilty na gagamitin na naman niya si Chico sa plano niya. Pero kailangan, eh. Babawi na lang siya nang totoo dito next time.

*Desperate times call for desperate measures.*

Sinulyapan niya sina Coreen, Leslie at Fiona na magkakatabi sa couch. Nakanguso ang mga ito para ipakita ang pagkainip. They were considered as the It Girls in her class. Hindi naman niya ka-close ang mga ito, tinanong lang niya kung willing ang mga ito na ma-meet ang friend niya na si Chico, showing them his pictures on her phone.

It so happened that Chico was a TV commercial model kaya willing naman agad

ang mga ito na pumunta sa kauna-unahang party na gagawin niya sa apartment na tinutuluyan niya kapag weekdays. Malapit iyon sa pinapasukan niyang business school sa Alabang.

Pinilit niyang ngumiti kina Coreen, although she knew they didn't really like her. "Parating na sila. May kasamang friends si Chico. I'm sure they're models too."

Kumislap na ang mata ng mga ito.

Pumunta muna siya sa kitchen, tinikman ang cocktail drink na tinimpla niya. At dahil hindi sigurado kung tama na iyon, dinagdagan niya ng liquor. Inayos din niya ang finger foods na iba't ibang chips lang naman.

Namalayan na lang niya na dumating na pala si Chico at ang friends nito dahil may narinig siyang mga nag-uusap-usap sa living area. Lumabas siya ng kitchen at napakurap-kurap dahil nagpi-flirt na ang "guests" niya sa isa't isa.

*Huh. Wala silang inaaksayang oras.*

Ni hindi siya pinansin ni Chico nang maglapag siya ng plate of chips sa center table. He just continued smiling and talking to Coreen na pakurot-kurot sa braso nito.

Eh. Never mind. Wala naman talaga siyang plano na makipag-socialize kahit siya ang umimbita sa mga ito. Umupo siya sa couch at siya ang kumain sa dinalang chips. Waiting.

Waiting…

Sumulyap siya sa wall clock. Thirty minutes na. Ambagal naman nito?

Natapos ang paghihintay niya nang bumukas ang pinto. Nagsitinginan ang lahat doon nang pumasok si Rigor. Nakasuot ito ng dark T-shirt at old blue jeans as usual. *Is he wearing an underwear or not?* she wondered.

"Shit! Ano na naman ito, Phoebe?" natatarantang tanong ni Chico.

"Oh my…" bulalas naman ni Coreen, kinagat ang labi na parang gustong kainin nang buo si Rigor. "Who's that hunk, Phoebe?"

Sa kanya lang nakatuon ang seryosong mga mata ni Rigor. Sinenyasan siya nito ng daliri. *Come here, kitty…*

Lumunok siya, a bit nervous, bago tumayo.

# Chapter 3

Sumunod si Phoebe kay Rigor nang pumunta ito sa kitchen. Nang nandoon na sila, inusisa nito ang lalagyan ng punch, naglagay sa baso at shinot.

"Damn it. Uminom ka ba nito?" Bigla siyang hinawakan nito sa batok at akala niya ay hahalikan siya dahil inilapit ang mukha sa kanya, pero aamuyin lang pala ang hininga niya. "You fucking did."

Ang tindi naman ng pang-amoy nito. Tumikim lang naman siya kanina. Mga kalahating baso. Although she had to admit, napasobra yata ang inihalo niyang alcohol. At tequila ang ibinuhos niya dahil iyon ang

nabili niya sa supermarket.

"So what if I did? Nagpa-party kami dito, in case you haven't noticed." Inalis na nito ang kamay sa batok niya pero parang gusto niya iyong ibalik. At i-replay ang paglapit ng mukha nito sa kanya kanina.

"Alam ito ng daddy mo? Nagpaalam ka?"

"Bakit kailangan ko pang ipaalam sa kanya?"

"Dahil nagpapasok ka sa apartment ng mga tao, mga lalaki, at may alak sa paligid? Naghahanap ka ba ng kapahamakan?"

"Kakilala ko naman sila. And Chico's here too, so I'm safe. Saka ano ba'ng pakialam mo kung mag-party kami? I'm nineteen and a college girl. Normal lang naman na gusto kong makipag-socialize."

"Bullshit. You're only doing this to get my attention again, aren't you?"

"Ang yaman ng imagination mo!" kaila niya. "Kailangan lahat tungkol sa iyo, Rigor?"

"Fine. Hindi na para sa akin kung hindi." He obviously didn't believe her. "Now let's get

rid of your so-called guests."

"Bakit mo sila paaalisin?" Sumunod siya rito. "Kung ikaw kaya ang umalis? Iniistorbo mo—" Natigilan siya paglabas nila ng kusina dahil nalaman niya na wala na si Chico at mga kaibigan nito. Ang naiwan na lang ay si Coreen at friends nito.

"Kayong tatlo, umuwi na kayo. Pagabi na," utos ni Rigor.

"Are you Phoebe's older brother, hottie? What's your name? Can we have your number?"

"Go. Home," he hissed.

Umingos si Coreen. "Hmp! Suplado. Let's go, girls. Mag-barhopping na lang tayo."

Paglabas nina Coreen, muling humarap si Rigor sa kanya, kulang sa emosyon ang mukha, pero alam niya na sobrang pissed. "Safe ka dahil nandito si Chico pero nalingat lang ako sandali, tumakas na?"

"Can you blame him? Palagi mo siyang tinatakot."

"I don't know, kitty. It doesn't look like you

two have a mutual understanding, like you claimed." He crossed his arms over his muscular chest.

Natuon ang tingin niya sa dibdib nito kaya nahirapan siyang mag-imbento ng idadahilan. Rigor was in his apartment for the very first time. Paano siya makakapag-concentrate?

"Bahala ka sa gusto mong paniwalaan. Wala naman kaming kailangang patunayan ni Chico sa iyo." Tumalikod siya rito at yumuko para kumuha ng chips sa center table. Kinain niya iyon, tumatakbo ang isip kung ano pa ang sasabihin dito.

"I wonder what kind of trick you're gonna pull up next time just to get a reaction from me."

Pagtuwid niya ng tayo, bumangga siya sa katawan nito dahil nakatayo na pala ito sa likuran niya nang hindi niya namamalayan. Napalunok siya sa bigla nilang pagkakadikit. Nakasandal ang kanyang likod sa solid torso nito, habang ang pang-upo niya ay saktong-

sakto sa crotch nito. May nararamdaman siyang something big and hard sa harapan ng jeans nito, at biglang-bigla ay parang umakyat ang temperature sa buong apartment niya. Her throat became dry.

"Or is this it, kitty?"

"W-what?"

"Now you're displaying and teasing me with that fine ass?"

Did he say she had a fine ass? Whatever. Nakatuon ang buong atensiyon niya sa malaking bagay na gumagalaw sa jeans nito. He *definitely* was not wearing an underwear…

"Are you okay, Rigor?"

Aktong aatras ito pero bago pa nito magawa, hinawakan niya ito sa braso para pigilan. *Shoots. What am I doing?* Nanatili ito, pero narinig niyang bumuntonghininga.

"Teasing it is," sabi nito.

"Ahm… it's just that it feels different from Chico's."

"Stop making up stories. You've never seen or touched a cock in your life," bulong nito sa

tainga niya. Ugh. That was so… arousing. "But that's what you want to do with this cock, isn't it, kitty?"

Ang bastos ng bibig nito pero bakit hindi siya naiinis kahit kaunti? Bagkus ay naging weird ang pakiramdam niya sa may bandang puson dahil sa paraan nito ng pagbigkas. His voice was dripping with sex.

"Kung pagbibigyan kita, will you finally behave?"

"High ka ba, Rigor?"

"No deal? Okay."

*Shit*. Hinigpitan niya ang mga daliri sa braso nito nang aktong lalayo uli ito. Aamin na ba siya? Ayaw niya itong magbago ng isip. Still, there was her pride.

"Okay, deal. Pero hindi dahil sa iniisip mo. I wasn't making up stories and I wasn't teasing you."

"At nakikipag-deal ka sa akin dahil…?"

"Um, I'm going through a phase like you said? Mas experienced ka kay Chico. Mas marami kang alam sa… mga bagay na gusto

kong matuklasan."

"Paano ang *mutual understanding* n'yo?"

"He's not really my boyfriend. I think it's okay." Hindi na niya alam ang mga pinagsasasabi. Basta lumalabas na lang sa bibig niya kung ano ang maisip niya.

"Good decision. You'll find that I'm an outstanding… guide." Kinuha nito ang kamay niya at inilagay sa harapan ng jeans nito. He moved her hand up and down, stroking her palm against his hardness.

Oh, she couldn't breathe, couldn't believe this was happening. Nang pinuntahan niya ito sa barracks last time, she'd accidentally discovered that he was huge. But when he was hard? He was ginormous.

May lumabas na sound ng pagpoprotesta sa bibig niya nang alisin nito ang kamay niya sa crotch nito. Pero nang iikot siya nito, inilagay ang mga palad nito sa batok at pang-upo niya, pressing her against his solid body, tumahimik siya. Or was it because his mouth was suddenly covering hers?

Her entire world exploded. She'd been dreaming of this moment, of his kiss, for years and now it was happening and even better than she'd imagined. It was rough and feverish, it was almost like he was eating at her mouth. Iniyakap niya ang mga braso sa leeg nito.

Pumasok ang kamay nito sa loob ng cropped top niya, cupping her breast and pinching her nipple. Sensations exploded inside her again, at ang naging reaksiyon ng katawan niya ay kumiskis sa harapan nito. Naramdaman uli niya ang paggalaw ng pagkalalaki nito.

"Tease." Itinulak siya nito habang ina-unhook ang bra niya hanggang sa maramdaman niya ang dingding sa likuran. And then he hungrily kissed her again. She opened her mouth to accept the sensual sweep of his tongue. "Damn it. That escalated real fast."

"Uh-huh," she agreed. But she didn't care. She couldn't think of a better way na

maaaring uwian ng plano niya kaysa dito. Nothing was better than being this close to Rigor, period.

To be able to touch that hard chest. To nuzzle that sinewy neck. Taste his warm skin. And rub, just continuously rub against that prominent bulge in front of his jeans until she was so wet it was soaking her underwear.

Naramdaman rin siguro nito iyon dahil sinapo nito ang pagkababae niya sa ibabaw ng shorts niya, pagkatapos ay inamoy ang palad. "Smells like a nineteen-year-old virgin."

"You like it, Rigor?" tanong niya dahil parang hindi nito maalis-alis ang kamay sa ilong nito, parang lumalanghap ng droga.

"I will *fuck* it. Does that answer your question?"

"You do. Since when?"

Hindi ito sumagot, just swiftly took her shorts and underwear off from her. He stared at her sex. He gently brushed the thin curls with his fingers, then he separated her folds and stared even harder.

"Very pretty, kitty."

Dapat ba ma-self conscious siya? Nope. Pinaghiwalay pa niya ang mga hita, displaying herself to him. Hindi hiya ang epekto sa kanya kapag nagsasalita si Rigor nang ganoon.

Lumuhod ito at inilapat ang nakabukang bibig nito sa ibaba niya. Sa isang iglap, naging parang instant noodles ang mga binti niya. Kung hindi siya nakahawak sa buhok nito ay tumumba na siya dahil sa shock ng pagdampi ng mga labi at dila nito sa kanya.

Just like when he was kissing her a while ago, parang ganoon din ang ginagawa nito ngayon sa pagkababae niya. Like he was eating her out. At kung kanina ay sa bibig niya pumapasok ang dila nito, ngayon ay sa lagusan niya. Sweeping, sliding, thrusting. Tumitikim, nanunukso, nananalasa. It was driving her crazy. Pero imbes na itulak ang ulo nito ay lalo pa niyang ibinubuka ang mga hita, wanting more.

Lumipat ang dila nito sa ubod ng pagkababae niya at ipinalit ang daliri sa loob

niya. Inilabas-masok nito iyon sa kanya hanggang sa mag-tense up ang muscles sa mga hita niya, and then it was like a dam broke inside her and she called out his name. "Oh my God! Rigor!"

Her body jerked as her orgasm ripped through her. Hinawakan siya nito nang mahigpit sa balakang, ang dila ay umaaksiyon pa rin at tumigil lang nang maubos ang inilabas niyang katas.

Nakasandal siya sa dingding, hinihingal, nang tumayo ito at hinubad ang T-shirt. Isinunod nito ang jeans, releasing his cock from its confinement. *Hot damn*. He would split her in two.

"What, kitty?" tanong nito, nakita ang agam-agam niya. Hindi sa gagawin nila, but *if he would fit*.

"You'll be gentle, right?"

"No. Pray that I don't kill you with the intensity of my lust."

"Is that a joke?" Hindi talaga siya nito dadahan-dahanin? *Gulp*.

"No." Hinawakan siya nito sa mga hita, bahagya siyang inangat para magpantay ang sentro ng mga katawan nila.

"Wait! In my room." Nakatayo kaya sila.

"No," sabi uli nito, ipinaparating sa kanya ng mga mata na hindi ito conventional at matagal na niya iyong alam. "Like this." Bumaon ito nang mapuwersa sa kanya, ending her virginity in less than a second.

It wasn't as painful as she'd expected. Siguro ay nakatulong na rin ang pag-orgasm niya kanina. But it was very uncomfortable. Nai-stretch lang naman siya nang husto para ma-accommodate ito, palapad at pahaba. Lalo na nang humugot ito bago muling bumaon.

"Oh my god, oh my god. Mapupunit ako, Rigor!"

"Gusto mong maranasang makipag-sex? That's how it feels like to have a cock inside you, kitty," bulong nito sa kanya. He then pounded her.


Angel's
SEDUCTION
A DELHOMME NOVEL
SHANNA LUCAS

When Samantha Delhomme first saw Niccolo Berlusconi, she was convinced that he was The One for her. Ang nag-iisang lalaking pag-aalayan niya ng pagmamahal na hindi sumusuko at hindi kumukupas anumang pagsubok ang pagdaanan. Naniniwala siya na ang ganoong klaseng pagmamahal ay karapat-dapat na ipaglaban. All the way, no limit. She literally would do everything for love.

But Nicco was nobody's Prince Charming. He was flawed and he believed she was better off with someone else. She wouldn't accept that. For her, it was Nicco or no one at all.

Ngunit paano kung nasisira na siya dahil sa pakikipaglaban niya sa isang lalaking ayaw tanggapin ang pagmamahal niya? Would all be worth it in the end, or would she wake up and realize that she had been fighting for an unhappily ever after right from the start?

# Angel's Seduction

A DELHOMME NOVEL

SHANNA LUCAS

# PART 1

*Angel's Seduction*

# One
*Sam*

St. Michael's University. Nasa third year, first sem na ako rito. For fourteen years I'd attended some of the best learning institutions in France. Pero pagka-graduate ko ng high school ay pinili kong sa Pilipinas na ipagpatuloy ang pag-aaral ko.

Sa Bordeaux ako ipinanganak at lumaki. Gayunpaman ay sobrang malapit rin sa puso ko ang Pilipinas. Siguro dahil parehong Filipino ang parents ko at ilang beses sa isang taon ay bumibisita kami rito mula pagkabata ko.

"Sam, wala bang balak ang parents mong

dito na ulit sa Manila manirahan?" tanong ni Brianna. Sabay kaming naglalakad sa campus. "Tutal, dito na naka-base ang Kuya Enrique mo mula nang magpakasal siya. Saka ikaw, dito ka nag-aaral. Para hindi ka na nag-iisa sa bahay n'yo sa The Abbey."

"Actually, napag-usapan na iyan nina Mommy at Daddy. Naka-graduate na kasi ng high school ang younger brothers ko at sa NYC sila magka-college. Pagdating nila sa New York aasikasuhin na ng parents ko ang paglipat dito."

"Talaga? Wow. Sana matuloy. Alam mo na, your parents are this country's favourite couple. Kasi naman, they look so perfect together. Your dad, sobrang gorgeous. And your mom, sobrang pretty. No wonder, ang perfect n'yo ring magkakapatid."

"I'm not perfect."

"Physically you are."

"No. I don't like my hair." Naiinis na hinawi ko ang curly hair ko na madalas mapunta sa mukha ko.

"But your hair is so beautiful! Lalo kang nagmumukhang angel."

Siguro isa iyon sa mga rason kung bakit hindi ko gusto ang golden brown curly hair ko. Nagkakaroon ng wrong idea ang mga tao sa akin. I wasn't mean or anything, pero hindi rin ako isang anghel.

"Ouch!" May nakabunggo sa balikat ko. Lumukso ang puso ko nang malaman na si Niccolo "Nicco" Berlusconi iyon. Nakalingon siya sa amin ni Brianna habang papalagpas, nakataas ang isang sulok ng mga labi.

Hindi si Nicco ang pinakaguwapong male student sa university, but for me he was the most striking and most attractive. Sino ang hindi makakapansin sa tila nililok na mukha na iyon na may deep-set brown eyes with thick and curly lashes, ilong na matangos at mga labing napakapula? Halata sa features niya ang kanyang Italian heritage.

Nakasuot siya ng gray long-sleeved T-shirt, ripped jeans and Dr. Martens. May kuwintas siya na silver. His dark hair was unruly,

nagbibigay impresyon na palagi niya iyong pinadadanan ng mga daliri. I liked his street style vibe. Nicco had already perfected that "dangerously laidback and cool look."

"Are you okay, Sam?" tanong ni Brianna sa akin.

"Um, yes." Hinaplos ko ang balikat ko, hindi dahil masakit iyon kundi dahil may sensasyong gumagapang sa bahaging nabunggo ni Nicco.

"Tingnan mo `yong Niccolo na `yon. Hindi man lang nag-sorry o huminto para tanungin kung nasaktan ka."

"Okay lang naman ako."

"Kahit na. He still should've apologized to you. Napaka-ungentleman!"

May twenty minutes pa bago mag-start ang class namin kaya umupo muna kami ni Brianna sa hagdan ng chapel sa campus. Habang nandoon kami, natanaw ko si Nicco sa di-kalayuan. May kausap siyang babae. Si Julia. She was the city mayor's daughter. And Nicco's current girlfriend. With a smile on her

scarlet red lips, lalong lumapit si Julia kay Nicco para pagpagin ang harapan ng T-shirt niya. But I knew it was only her way of touching him.

I felt a pang of jealousy. Matagal ko na rin kasing pangarap iyon. To touch Nicco. And be his girlfriend. Unfortunately, sa kabila ng maraming mga lalaking nagkakainteres sa akin ay hindi siya kasama roon.

After ng first class ko ay vacant period ko na agad. My MWF schedule sucked. May tatlo akong bakante the whole day. Para makapagpalipas ng oras, bumili ako ng milk shake at nagbasa ng English paperback sa isang bench.

Ramdam ko na may mga matang nakatutok sa akin pero sinubukan kong huwag pansinin. Bata pa lang ako ay hindi na ako nakakatakas sa atensiyon ng marami. Bukod kasi sa isa sa pinakamayamang tao sa

buong mundo ang grandfather ko, ang family business namin ang pinakamalaking company sa Pilipinas, ang Delhomme Mla. Group of Companies o DMGC. It was founded by my father, at kasalukuyang pinamamahalaan ni Kuya Riq.

"Hi, Sam!" Tinabihan ako sa bench ng best friend ko na si Zach.

Zachary Olbes Robespierre was the most handsome and most popular male student at St. Michael's University. He was part-Greek, Russian, Spanish and Filipino. Nagkakilala kami nang seven years old kami sa Bordeaux. Dati nilang pag-aari ang vineyard na katabi ng Chateau Delhomme. Pero nang maghiwalay ang parents niya nine years ago ay dinala siya ng mommy niya sa Pilipinas.

"Hi, Zachy," bati ko rin sa kanya.

"I must be out of my mind. Pinapayagan kitang tawagin ako sa pambatang pangalan na iyan," umiiling na sabi niya. He had beautiful bright green eyes. Ang buhok niya ay pino na light brown, at ang balat niya ay maputi kahit

madalas siyang magbabad sa araw dahil student athlete siya.

"What do you want me to call you then, Zachy?"

"How about *babe*?"

"How about *bestie*?"

He touched my chin. "Ipamukha mo pa na friend-zoned ako sa iyo."

Hindi na lang ako nagkomento roon. Matagal na siyang nagpaparamdam na gusto niya ako nang higit pa sa pagiging kaibigan, but I didn't feel the same way and he knew that.

"Naglaro kayo ng football?" Tiningnan ko ang football uniform niya. May football field sa campus at madalas doon nagpa-practice ang football team namin.

"Maglalaro pa lang. Hindi ako didikit sa iyo kung nanggigitata ako." Tumingin siya sa hawak kong libro. "What were you reading?"

"Fantasy novel." Fantasy romance, to be exact. "About angels and demons."

"Ikuwento mo sa akin kapag natapos mo.

Bakit nga pala nag-iisa ka rito? Si Brianna?"

"May class siya."

"Tsk. I can't believe na third year ka pa lang samantalang classmates tayo noon sa France." Mas maiksi ang secondary education sa Pilipinas kumpara sa Europe kaya naunahan niya ako.

Sinuntok ko siya nang mahina sa balikat. "Ang yabang mo *por que* fourth year ka na."

Nagseryoso siya. "Malapit na akong grum-aduate."

"Good for you. Makakapagtrabaho ka na sa family business n'yo. You'll be a real man soon, Zachy. I'm so proud of you."

"That thought doesn't make me happy. Maiiwan na kita rito, and I'm worried."

"I'll be fine."

"Not me. You know you're my sunshine. Hindi ako gaganahang pumasok sa company ni Lolo Fernando dahil wala ka roon."

"You can always call or text me."

"You bet I will."

May tumawag sa kanyang ka-team niya.

"Zach! Nandoon na raw si Coach!"

Tumayo siya. "Start na ng practice namin. I'll see you later, Sam. Puwede akong pumunta sa inyo?" Hinintay niya ang sagot ko. When I nodded, the corners of his eyes crinkled in a smile. "Later, Sam!" Tumakbo na siya palapit sa ka-team. Ilang beses niya akong nilingon, waving and still smiling widely.

Kumaway rin ako sa kanya. Then I sighed at muling binuklat ang hawak kong libro. Minsan hindi ko alam kung tamang magpatuloy ang pagkakaibigan namin ni Zach. Alam ko kasi na habang close kami, aasa siya na magiging pareho ang nararamdaman namin.

But I didn't want to end our friendship. Zach was my oldest and dearest friend, at ramdam ko na kailangan niya ako. Kahit kasi carefree ang tingin ng iba kay Zach, alam ko ang totoo. He'd been deeply affected by his parents' constant fighting and separation when he was eleven. Hindi niya naranasang magkaroon ng masayang pamilya. But

somehow, for some reason, I could make Zach happy. Iyon ang dahilan kung bakit kahit iwas ako sa boys mula pagkabata, hinayaan ko pa ring may mabuong pagkakaibigan sa amin. Pakiramdam ko, nakakatulong ako sa kanya.

I just hoped that one day, mari-realize ni Zach na hanggang doon lang ang kaya kong i-offer sa kanya. Hindi kami para sa isa't isa. Dahil ako, sigurado sa bagay na iyon. I belonged to someone else.

But that person didn't belong to me. *Not yet*. I was determined to change that.

# Two
*Sam*

"Hi, Jacques. Bakit nag-aabang ka na naman sa akin dito sa pinto? `Di ba sabi ko sa iyo hindi mo na iyon kailangang gawin?" bungad ko sa loyal butler ng family ko pagdating ko sa mansion namin sa The Abbey.

"Trabaho kong i-welcome ka sa inyong tahanan pag-uwi mo, Miss Samantha."

"Sam na lang, please." Ilang beses ko na rin iyong ni-request sa kanya, pero tumatanggi siyang tawagin ako sa nickname ko.

"Palagi kang umuuwi sa tamang oras. Ang ibang kaedad mo ay maraming pinag-uukulan ng oras nila," puna niya.

"You know I'm a homebody, Jacques. At wala rin naman akong friends sa school na aaya sa akin kung saan-saan."

Maraming nakikipagkaibigan sa akin sa St. Michael's pero kay Brianna lang ako naging malapit. Growing up na palaging pinagkakaguluhan kapag nasa labas ako dahil isa akong Delhomme, medyo nagka-phobia ako sa mga tao. They made me feel not normal, but more like a novelty and not human like them.

"Saka alam kong nire-report mo kina Mommy at Daddy ang activities ko," biro ko kay Jacques.

"Hindi iyan totoo, Miss Samantha. Isa pa, hindi nag-iimbestiga ang mga magulang mo sa aktibidades mo araw-araw. Kabisado ka na nila."

"Good to know that. Aakyat muna ako sa room ko." Naglakad ako.

"Siya nga pala, Miss Samantha, gumagawa ng pizza si Nicco sa likod. Ibibilin ko ba sa kanya na maglaan ng para sa iyo?"

Napahinto ako at nilingon si Jacques. "H-he's here?"

"Nauna lang siya sa iyo nang dalawang oras."

Nicco was Jacques' grandson. Ipinanganak at lumaki siya sa Italy. Eight years ago, namatay ang mama niya kaya kinupkop siya ni Jacques. At dahil sa Delhomme residence nakatira si Jacques, dito na rin tumira si Nicco. May dalawang staff house sa likod ng mansion, isa para sa mga babae at isa para sa mga lalaki.

I was only twelve that time na dumating siya. Minsan lang kung bumisita kami noon sa Pilipinas kaya sixteen na ako nang una kong makita si Nicco at twenty years old naman siya.

I knew my heart was a goner from that moment I first laid my eyes on him.

"I see." Pilit akong umakto nang normal, although walang normal sa sistema ko basta makita o marinig ko lang ang pangalan ni Nicco. "Sure. Ipaakyat mo na lang sa room

ko. No, wait! Lalamig iyon. Ako na lang ang pupunta sa likod pagkatapos kong magpalit. M-matagal na rin kasi kaming hindi nagkikita ni Nicco. Para makumusta ko siya."

Pumihit na akong muli at nagpatuloy sa pag-akyat sa itaas. Hindi ko alam kung may nahahalata si Jacques sa akin tuwing nandito si Nicco. Kung meron man, ayoko nang malaman ang iniisip niya roon. My situation was already awkward as it was. The daughter of the master and mistress of the house pining for the househelp's grandson who didn't seem to want her back.

Pagpasok ko sa bedroom ko, pinakalma ko ang nagwawalang puso ko. Minsan na lang kung sumulpot dito si Nicco. Two years ago, umalis siya rito sa kabila ng pagtutol ni Jacques. Sa pagkakaalam ko nakatira na siya sa isang apartment sa Manila.

Mabilis na nagpalit ako ng housedress. Hinagilap ko ang slippers ko. I took a deep breath bago ako bumaba at nagtungo sa male staff house sa likod.

Sa kusina, naabutan ko si Nicco na nagmamasa ng pizza dough sa kitchen island. Pinanonood siya ng tatlong housemaid. Napatingin silang lahat sa akin pagpasok ko. Nagtataka ang mukha ng housemaids kung bakit ako nandoon, habang si Nicco ay tumaas ang kilay bagaman hindi nagulat.

"Why are you here? Wala ba kayong gagawin?" tanong ko sa tatlong housemaids, hindi naman mataray ang tono kahit pa nga ba hindi ko nagustuhan na binabantayan nila si Nicco.

Nagmamadaling iniwan nila kami. Naupo ako sa kitchen stool.

"Hello, angel," Nicco greeted me, and a shiver run down my spine.

Sawang-sawa na ako na tawaging "angel" ng mga tao to the point na gusto ko na silang simangutan para maiba naman ang opinyon nila sa akin. But whenever Nicco called me angel, it always made my toes curl in pleasure.

"What brought you here?"

*You*. "Pizza."

He smiled, seemingly pleased. Hindi kaila sa kanya na paborito ko ang pizza niya. May pizzeria sa Rome ang *padre* ni Nicco, isa sa mga itinuturing na institusyon doon.

"Margherita?"

"Yes. My favorite."

He tossed the dough expertly. Nakataas ang sleeves ng shirt niya. I could see the intricate tattoos that covered his arms. Those tattoos were almost as sexy as him. Alam ko na may tattoo pa siya sa ibang parte ng katawan. Narinig kong pinag-uusapan ng mga househelp noon. Pero hindi ko pa nakikita. I wish I could.

Ibinagsak niya ang pinanipis na pizza dough sa ibabaw ng kitchen island, nilagyan ng mozzarella, fresh tomatoes, tomato sauce at olive oil bago ipinasok sa oven.

"Bakit hindi mo ako binati nang magkabungguan tayo sa school kanina?" Kumuha ako ng basil at pinitas ang mga dahon para may magawa ako maliban sa titigan siya nang husto. Inihahanda na niya

ang panibagong pizza dough.

"Iisipin ng mga tao na may koneksiyon tayo kung ginawa ko iyon."

"So what if they did?"

"I don't want to embarrass you."

"Is that a joke? Bakit ako mapapahiya kung huminto ka at kinausap mo ako?"

"I don't have a good reputation in school. You know that."

Dahil sa tattoos niya. Dahil twenty-four na siya pero hindi pa rin nakaka-graduate. At dahil lahat ng ex niya sa school, galit pa rin sa kanya. His exes just happened to be the most popular girls at St. Michael's. Breaking their hearts had given him a bad boy image.

"Jeez, we're only students, Nicco. Mahalaga ba ang reputation at our age?"

Hindi ako naive. Alam ko kung gaano ka-superficial ang social life ng mga estudyante. Ang pinapahalagahan ng schoolmates ko, like popularity, after graduation ay mawawala. Madalas mangyari na ang mga nasa itaas ng pyramid sa school—the jocks, the

cheerleaders—ay napupunta sa ibaba at ang mga underdog—the nerds, the wallflowers—ay napupunta sa itaas once pumasok na sila sa tunay na mundo.

"Sa akin, hindi mahalaga ang opinyon ng iba. Pero magkaiba tayo. You're a Delhomme."

"What do you mean by that?"

Ilang segundo siyang nanahimik bago sumagot. "Na pinag-iisipan mo dapat lahat ng kilos mo. Pinipili mo dapat ang mga taong didikitan mo, at hindi ako kasama roon dahil matitintahan lang ang imahe mo ng reputasyon ko." Sinilip niya ang pizza sa oven para siguruhing hindi iyon mao-overcook, pagkatapos kinuha na niya. Ini-slice niya iyon nang mabilis, nilagyan ng basil bago inihain sa harapan ko. "Dive in while it's hot and fresh, angel."

Kumuha ako ng isang slice. "I wonder kung iyan rin ang sinabi mo kay Julia nang lumapit siya sa iyo," I murmured.

He flashed a lopsided smile. "Paano ka

nakasiguro na siya ang lumapit sa akin, not the other way around?"

"You never chase girls, they flock to you." Kinagatan ko ang pizza. Its crust was light and crispy. The taste, very simple but so good. Pumikit ako. "Hmm."

"Do they?" Nicco's voice was suddenly thick.

Tiningala ko siya. Nakatitig siya sa mukha ko, nangungulap ang mga mata. Kahit kailan ay hindi siya umakto na katulad ng mga lalaking nagpapakita sa akin ng interes. Bagaman may mangilan-ngilang pagkakataon at mga tingin niya na nagbibigay sa akin ng ibang ideya. Pero mabilis mawala ang ekspresyon niyang iyon, gaya ngayon, kaya hindi ko masabi kung imahinasyon ko lamang.

"Hindi ka ba nagwo-worry para kay Julia? Anak siya ng politician."

Parang amused siya sa tanong ko. "No. Malayo si Julia sa iyo, angel. Hindi rin napakalinis ng pangalan ng dad niya para

mag-alala ako na makasama sa kanya ang relasyon namin."

*But I don't like it na girlfriend mo siya!*

"Do you love—" Nag-ring ang phone sa kitchen kaya naputol ang itatanong ko sana.

Sinagot ni Nicco ang tawag. "Hello." Nakinig siya. "Got it." Ibinaba ulit niya ang receiver. "Nasa mansion raw ang kaibigan mo," sabi niyang hindi tumitingin sa akin.

"Do you love Julia, Nicco?"

"Angel, why these personal questions?"

"I'm just curious."

"I don't have an answer for you."

Kung hindi siya handang i-share sa iba ang tungkol sa relasyon nila ni Julia, ibig bang sabihin ay seryoso na siya? Kahit posibilidad lang iyon, nasaktan ako.

"Bakit ka nandito?"

"Pinapunta ako rito ni *Nonno*." He didn't tell me the reason, pero naisip kong baka nami-miss siya ng lolo niya.

"`Di ba nagre-rent ka ng place sa Manila? Saan sa Manila?"

"Isang lugar na hindi dapat tapakan ng isang tulad mo."

Hindi rin niya sasabihin sa akin? Dahil ayaw niyang malaman ko o puntahan ko siya?

"Why are you like this to me? May nagawa ba ako sa iyong masama?"

"I don't know what you're talking about."

"You're cold to me. Pinapakiharapan mo ako kapag wala kang pagpipilian, pero kung makakaiwas ka, iiwasan mo ako."

"I wasn't doing it on purpose."

"Kung ganoon, coincidence lang na umalis ka rito nang mag-aral ako sa St. Michael's?"

"It was. Walang kinalaman sa iyo ang paglipat ko ng bahay nang twenty-two ako. I'm a grown up, I wanted to have a place of my own. At sinabi ko na rin sa iyo ang dahilan kung bakit hindi kita maaaring kausapin sa university."

Maaaring nagsasabi siya ng totoo na gusto niyang magkaroon ng sariling place, pero kumbinsido pa rin akong umiiwas siya sa akin dahil iyon ang nararamdaman ko dati pa.

May pakiramdam din ako na alam ko ang dahilan.

Dahil aware siya na may pagtingin ako sa kanya.

Imposibleng wala siyang nahahalata sa mga kilos ko. Sa dami ng mga babaeng nagkakagusto sa kanya, sanay na siya roon. Perhaps he just didn't know what to do with what I felt for him, so he chose to not deal with it at all by avoiding me at all costs. Baka hindi lang niya makuhang i-discourage nang direkta ang nararamdaman ko sa kanya.

Alam ko na malayo ako sa mga ex at current girlfriend ni Nicco. But was I really that unlikable to him? Wala ba kahit kaunting pag-asa na mapansin at magustuhan niya ako?

Ibinaba ko ang hawak kong pizza, kumikirot ang puso.

"Sam."

Napalingon ako sa tumawag sa akin. It was Zach. Nakatingin siya sa amin ni Nicco.

# Three
*Zach*

Naglalakad ako palapit sa mansion ng Delhommes nang may makasalubong akong tatlong housemaids.

"Si Zach, Lulu!"

"Aray! Huwag mo akong kurutin, Tanya."

"Kuuu! Ang cute niya talaga!"

Nagkunwari akong hindi sila naririnig. The housemaids had something in common with the girls at St. Michael's. When they saw me, they would turn red and become flirty.

*If only Sam was not an exception to that, ang saya ko sana...*

"Hi, Sir Zach!"

"Hi. Nakauwi na si Sam?"

"Yes, Sir Zach. Nasa likod si Miss Samantha."

*Likod?* Bahay ng househelps ng Delhommes ang naroon sa pagkakaalam ko. Ano'ng ginagawa roon ni Sam?

"Sa female staff house?"

"Sa boys."

Why would Sam go there?

"Pasok ka na sa loob, Sir Zach. Siguradong tumatawag na si Sir Jacques sa likod para ipaalam kay Miss Samantha na dumating ka."

"Gagawa kami ng snack n'yo. May request ka ba?"

"Thanks, but no thanks. Aayain kong lumabas si Sam. Dito ko na lang din siya hihintayin."

"Okay." Umakyat na sila sa porch steps.

Nag-cross arms ako habang hinihintay si Sam. Pero mabilis akong nainip na makita siya kaya minabuti kong umikot sa likod ng mansion.

Dalawang palapag at maganda ang bahay

ng house staff ng Delhommes. Sam's parents were very generous to all their employees. Nahulaan ko agad kung alin sa dalawang bahay ang laan sa male staff—iyong wala masyadong dekorasyon na ornamental plants sa harapan. Nakabukas ang pinto kaya pumasok na ako.

Walang tao sa living room kaya nagtuloy-tuloy pa ako sa loob. Hanggang sa nakarating ako sa kitchen. Nakita kong nakaupo roon si Sam at nagulat ako dahil kasama niya si Niccolo. Ngunit ang nakaalarma sa akin ay ang nakita ko sa mukha ni Sam. She looked sad and hurt for some reason.

Automatic na lumabas ang instinct ko na protektahan siya kahit wala akong ideya sa nangyayari. Humakbang ako papasok ng kitchen.

"Sam."

Tumingin sila sa akin. I saw a flash of resentment in Niccolo's eyes, bago iyon nawala. Nakita ko na rin siya one time sa property ng Delhommes, about two years

ago, at naaalala ko na ganito rin ang reaksiyon niya sa akin. Una, may galit, bago iyon natunaw at pinalitan ng parang pagtanggap. Ang hirap tuloy pagpasyahan kung ano ang ibabalik ko sa kanyang pakikitungo. Was he my enemy or not?

So I just nodded at him.

"Looks like hindi mo na ito makakain dahil paalis ka na," sabi niya kay Sam. Dinampot niya ang pizza sa kitchen island.

"Wait—" pigil ni Sam pero itinapon na ni Niccolo ang pizza sa trash bin. Nalaglag ang mga balikat niya.

"It's alright, Sam. I'll just buy you another pizza," I tried to console her. Inakbayan ko siya.

Tumalikod si Niccolo at may ginawa sa sink.

"Let's go, Sam."

Nagpatianod sa akin si Sam palabas, but she still looked disappointed. *Dahil ba sa natapong pizza?* I'd get her a dozen box, if that would make her happy.

"May nangyari ba kanina? Were you and Niccolo fighting nang dumating ako?"

"No. Bakit?"

"Napansin ko na parang kakaiba ang atmosphere sa pagitan n'yong dalawa. Para ka ring malungkot kaya naisip ko na baka may nangyaring hindi ko alam. Why were you in your staff's house anyway? I didn't know you were close to Niccolo."

Hindi ko pa nakita sina Sam at Niccolo na magkasama o nag-usap noon. Nagtatrabaho ang lolo ni Niccolo sa Delhomme residence pero may impression ako na wala siyang pakialam sa bagay na iyon. Sa St. Michael's University, kapag nakikita namin siya, nilalagpas-lagpasan niya lang si Sam na parang hindi niya kilala.

Honestly, his rudeness rubbed me the wrong way. Sure, hindi siya employee ng Delhommes gaya ng lolo niya para magbigay-galang kay Sam. Still, hindi pa rin tama ang ipinapakita niya. He should at least be grateful to the Delhommes. Magpakumbaba

siya nang kaunti. Dahil sa family ni Sam napag-aaral siya ng lolo niya.

"I'm not close to him," mahinang tugon ni Sam. "In fact, I was trying to bond with Nicco a while ago. I guess I was unsuccessful. Again." She shrugged.

So that was the reason she was upset? Dahil sinusubukan niyang maging malapit kay Niccolo pero hindi ito nakikisama. I wondered why Niccolo acted so damn important all the time. Because he was popular with girls? Napailing-iling ako.

"Sam, I know that Jacques is like a family to you already. Siguro gusto mong makasundo si Niccolo dahil doon. But we both know that he's not the friendliest chap. Kahit sa university, marami ang nagsasabing wala siyang sinasamahan maliban sa mga nagiging girlfriend niya. Don't take it personally. Hindi mo kasalanan na ayaw niyang makipagkaibigan sa iyo. Besides, nandito na ako. Your bestie. Hindi mo na kailangan si Niccolo. Okay?" Pinisil ko ang

baba niya.

Ngiti na hindi umaabot sa mga mata ang itinugon ni Sam sa akin.

"You know what we should do? Go to the mall. Para makalimutan mo ang nangyari." I steered her in the direction of my car.

"Wait, magpapalit muna ako."

"What for? You look great."

"Nakapambahay ako, Zach."

"Sa France mo naman binili ang damit mo. Wala nang makakaalam na pambahay mo lang iyan dito."

"Naka-slippers ako—Zach!" sigaw niya nang buhatin ko siya at iupo sa passenger's seat ng sasakyan ko. I was sure she was giving me the evil eye, pero sa sobrang amo ng mukha niya, hindi pa rin siya mukhang galit.

"I promised I'd buy you pizza, so cheer up now." Umikot ako ng sasakyan at umupo sa driver's seat.

A few minutes later, naglalakad na kami sa Abbey Shopping Mall. Sinulyapan ko si Sam. Parang malalim ang iniisip niya. Kinuha ko

ang kamay niya para ikulong sa palad ko. Natauhan siya at binawi ang kamay.

"Just friendly handholding, Sam?"

She rolled her eyes. "Give it up already, Zachy," she said, pero kumapit sa braso ko bilang pambawi. Hindi kasing-intimate ng pag-holding hands, pero medyo nakuntento na rin ako. At least, hindi siya naghe-hesitate na hawakan ako.

*Gaya ng gagawin niya sa mga kapatid niya*, singit ng isipan ko. Ipinilig ko ang ulo ko para burahin iyon. Gusto ko lang i-enjoy na magkasama kami ni Sam ngayon. I would pretend that we were in a date, gaya ng madalas kong gawin.

"I-treat mo na ako ng pizza, Zachy. Kanina pa ako naghahanap ng snack."

Pumasok kami sa paborito niyang pizza joint. Pina-order ko siya ng lahat ng gusto niya, pero isang pizza lang ang ipinadala niya sa waiter. Margherita. At nang kinakain na niya iyon, hindi siya mukhang nasiyahan. She even looked depressed. Napangalahati niya

lang ang isang slice.

Inaya ko siyang manood ng movie. Comedy. Finally, ngumingiti na siya. Ang pinakahihintay ko. Tumagilid ako para panoorin ang mukha niya na tinatamaan ng liwanag ng movie screen.

Sam had the kind of beauty that could make even celestial angels weep with envy. Her face was so serene, it had the most wonderful soothing effect on me. Whenever my mind was in turmoil, I only had to look at her, at naitutulak na lahat ng hindi magagandang emosyon sa loob ko.

I lifted my hand, my fingers itching to stroke her long golden curls. Pero alam kong ipapaalala niya lang ulit sa akin na magkaibigan lang kami, not a couple.

Not *yet* a couple.

I might be just a friend to Samantha Delhomme now, pero umaasa akong hindi iyon mananatiling ganoon habambuhay. I had so much love in my heart for this girl, hinihintay ang oras na maipaparamdam ko na

iyon lahat sa kanya. I really hoped that one day, she would finally let me. Love her.

*Tomber amoreux de moi, Sam. Please love me back. I'm begging you*.

# Four

*Sam*

Nagpunta ako sa library dahil may hahanapin akong libro. But my mind was somewhere else, hindi ko namalayang nakarating na pala ako sa pinakadulong aisle sa kalalakad ko. Natigilan ako nang mapansin ang lalaking nakahiga sa pagitan ng matataas na bookshelves. Lumukso ang puso ko.

*Nicco*.

Nakaunan sa ulo ang isa niyang braso habang ang isa pa ay nakatakip sa mga mata niya. Based on his steady breathing, I surmised that he was asleep. Tumingin muna ako sa paligid ng tahimik na library bago

lumapit at umupo sa tabi niya.

I studied him. As usual, mahahaba ang manggas ng pang-itaas niya. Bahagya iyong lumilis dahil sa posisyon niya. May nakita akong tattoos ng myth creatures sa tagiliran at tiyan niya. They were intricately drawn, a real artwork sa balat niya.

Lumipas ang mga minuto na hindi ako umaalis sa pagkakaupo sa sahig, just watching him sleep. Iyon na siguro ang pinakamatagal na nagkasama kami ni Nicco bagaman wala siyang malay dahil nahihimbing siya.

But after a few more minutes, he stirred. Inalis niya ang braso sa mukha niya at nakita ako. Huminga siya nang malalim. "I knew it. Ikaw ang naaamoy ko. You smell like heaven's flowers, angel."

"Paano mo naman nalaman kung ano ang amoy ng mga bulaklak sa langit? Have you been there?"

"No. Pero taga-roon ka, hindi ba?"

"I'm not."

"She thinks she can fool me," he

murmured. "So what are you doing in my little corner in the library?"

"May hinahanap akong libro kanina nang makita kita. Bakit ka natutulog rito?"

"Dahil dito pinakatahimik sa buong campus." Sinulyapan niya ako. "I know what you're thinking: Ito ang dahilan kung bakit hindi ako maka-graduate. I'd rather sleep in the library."

"No. Hindi ka pa rin graduate dahil ang *nonno* mo ang may kagustuhan na tapusin mo ang degree mo, hindi ikaw." Request iyon sa kanya ni Jacques. Siguro, naniniwala ang lolo niya na may mararating siya kung may diploma siya.

I personally did not believe that was the only way to be successful in life. Nag-drop out sa college ang Kuya Riq ko noon. Hindi naging necessary ang business degree para maging magaling na businessman siya.

Nicco was street-smart. Sigurado ako na maaari rin siyang mag-succeed kahit hindi siya makapagtapos ng college. Pero para

mapasaya ang lolo niya, pumapasok pa rin siya sa St. Michael's kahit hindi na siya interesadong mag-aral.

"Ilang units lang ang kinukuha mo bawat sem. Ano ang pinagkakaabalahan mo kapag wala ka sa school?" usisa ko.

"Nothing important." Muli niyang ipinangharang ang braso sa mga mata niya. His way of shutting me out? Pero hindi pa ako handang umalis. Napakadalang naming magkausap, marami akong gustong malaman tungkol sa kanya. Mga impormasyon na pakiramdam ko ay sinasadya niyang ipagkait sa akin.

"Sino ang gumawa ng tattoos mo?"

"Why do you ask, angel?"

"They're beautiful."

"I'm surprised someone so spotless like you didn't find tattoos repulsive."

"I'm fascinated by them, and with people na nagpapalagay ng tattoos. I think nakakadagdag iyon sa character nila. I'm considering getting one or two myself—"

Bigla siyang bumangon paupo. "Do not!"

I was startled sa mariing pagtanggi niya na magpalagay ako ng tattoo. Surprising, because he didn't seem to care much about me or what I did.

"Do not stain that pure white skin."

"But..."

He glared at me, parang banta na huwag na huwag kong susubukan kundi ay hindi ko magugustuhan ang consequence.

"Okay. I won't... if you'll show me your tattoos."

Nag-atubili siya. "Why?"

"I told you, I'm fascinated by them." Lalo na kapag nasa katawan niya.

Inililis ni Nicco ang sleeves ng pang-itaas niya. Palagi siyang nagsusuot ng mahahabang manggas dahil sa school regulation. Hindi ipinagbabawal sa St. Michael's ang pagpapa-tattoo, as long as hindi iyon ie-expose ng students sa school.

Gaya ng hinala ko, his arms were almost completely covered with tattoos. May

creatures ulit galing sa mythology, flowers and some symbols.

"Satisfied?"

Iminusyon ko na itaas rin niya ang hem ng long-sleeved shirt niya, and he furrowed his brows. "Nasilip ko ang tattoos sa tiyan mo habang natutulog ka kanina. I want to see the rest."

"No," he refused.

Hindi ko inaalis ang tingin sa mga mata niya para ipakitang seryoso ako sa banta ko kanina. He exhaled exasperatedly. Pero determinadong pigilan ako sa plano ko, hinila niya ang T-shirt. I silently sucked in a deep breath. Hindi kasi siya huminto sa pagpapakita ng washboard stomach niya lang, because he was inked all the way up to his shoulders.

This was the "barest" I'd seen Nicco. His torso was gloriously sculpted, reminding me that he was already twenty-four years old. He was no longer a boy but a man.

Lalong pinaganda ng tattoos ang pang-

itaas na katawan niya, like accents to an already magnificent structure. Nag-stand out sa akin ang unicorn sa left chest niya. *I love unicorns*.

"Had your fill, angel?"

"Can I touch them?" bulong ko.

"Now you're just pushing it." Ibinaba niya ang T-shirt at inayos. "I can't believe I corrupted your eyes." Tatayo sana siya pero mabilis ko siyang pinigilan sa braso.

"Don't go yet." Ngayon ko lang siya nasolo at nakasama nang ganito sa school. Hindi ko alam kung kailan ito mauulit.

"What do you want from me, angel?" he asked, salubong ang mga kilay. Naging aware ako na sobrang magkalapit ang mga mukha namin, at na biglang tumaas ang temperatura sa paligid.

"Dito ka muna. Mamaya pa ang next class ko. Magkuwentuhan muna tayo."

"Magkuwentuhan," ulit niya, may bahid ng sarcasm, pero tila laan iyon sa kanya. Bumaba ang tingin niya sa magkahiwalay

kong mga labi, then he cursed and abruptly stood up. "Not happening."

Nasaktan ako sa marahas niyang pagtanggi. Wala akong nagawa kundi ibaba ang mga kamay ko na kanina ay nakahawak sa braso niya. The first time I'd actually touched him.

Tiningnan niya ako, tila nakonsensiya sa pagiging abrasive niya. Pero hindi iyon naging dahilan para hindi siya umalis at iwan ako sa kinauupuan ko.

Nakayukong niyakap ko ang sarili ko, asking myself what was wrong with me. Why couldn't Nicco want me like I wanted him? Ano ang kailangan kong gawin para magbago iyon?

Maaga akong dumating para sa next class ko. Iilan pa lang ang classmates ko na naabutan ko sa classroom. Umupo ako sa unahan, nagbukas ng notebook at nag-doodle absent-

mindedly.

Tumatakbo pa rin sa isipan ko ang maiksing interaction namin ni Nicco sa library. Although it didn't end well, wala akong pagsisisi na nakita ko siya. Maski paano merong nadagdag sa mga nalalaman ko sa kanya: how his upper body looked like without a shirt.

Nag-uusap-usap ang apat na classmates ko sa likuran ko. Nang lingunin ko sila, nalaman kong si Julia at mga kaibigan niya pala iyon. Tumingin rin sila sa akin. Parang gusto akong batiin ng mga kasama ni Julia pero nilakasan ni Julia ang boses niya para makuhang muli ang atensiyon ng mga kaibigan.

"We definitely should go to PZone over this weekend, guys. It's the newest hipster place in the metro. And I want a taste of his pizza again. Last weekend, he made the best vegetarian pizza for me. I swear, he's a pizza wizard." Inayos niya ang mahaba at tuwid na buhok.

"Well, his father is Italian. Maybe

pizzamaking is in his blood. Pero... hindi ka ba nahihiya na nagtatrabaho lang sa pizza shop ang BF mo, Jules?"

*They're talking about Nicco!*

"He's not just an employee there!" mataray na sabi ni Julia. "He's helping his friend out in his business. He's the one who designed and made their freaking amazing menu."

"Oh-kaay... Whatever you say."

"Me, I won't mind kahit pa crew lang si Niccolo. He's, like, so hot."

"I know, right?" smug na sabi ni Julia.

Ibinalik ko ang tingin ko sa notebook bago pa nila mahalatang nakikinig ako sa usapan nila. I saw a unicorn.

Unicorns. I loved them because they reminded me of fairy tales, and, at least for me, symbolized magic and happy ever afters.

"But sex with Niccolo is even hotter," dagdag ni Julia. She and her friends giggled. Nabitiwan ko naman ang ballpen ko.

"Details, Jules!"

"Shhh, later. The Nation's Angel is here."

Hindi ko pa rin magawa-gawang damputin ang ballpen. Kahit alam ko nang girlfriend ni Nicco si Julia, iba pa rin iyong marinig ko ang intimate na ginagawa nila. It was like my heart was being torn apart.

Huminga ako nang malalim at muling tumingin sa drawing sa notebook ko. Unicorn. Magic. Happy ever after. Kahit pa parang napakalabo naming dalawa ni Nicco, a part of me didn't want to give him up. Naniniwala ako na may mangyayaring magic sa aming dalawa, and then I would know how it was like to be loved by him.

Handa akong gawin ang kahit ano para sa inaasam ng puso ko. I wouldn't regret anything at all, if I would have Nicco in the end.

# Five

*Sam*

Hindi ako mapakali sa bedroom ko. Dapat ay gumagawa ako ng school requirement para makatulog na ako pagkatapos, but I wasn't eager to do either of them.

Kinuha ko ang cellphone ko at s-in-earch sa internet ang pizza place na narinig kong binanggit ni Julia kanina. Before today, wala akong kaalam-alam sa pinagkakaabalahan ni Nicco. All I knew, may job siya dahil independent siya, hindi siya umaasa kay Jacques.

Bukas until ten p.m. ang PZone. I made a decision to drop by at tingnan ang lugar na

pinamamamalagian ni Nicco. Naghanap ako ng maisusuot. Casual ang una kong naisip, but PZone seemed a little too fancy para sa jeans. Kumuha ako ng little black dress, the safest choice.

*Or maybe not?* Nang humarap ako sa salamin, na-realize ko na fit ang dress at medyo umiksi nang suot ko na. Ikinunsidera kong magpalit, pero gusto ko nang makaalis agad kaya matching shoes na lang ang hinanap ko. And then, since naka-dress at heels ako, nag-mascara at coral lipstick ako.

Nagulat pa si Jacques nang ipaalam ko sa kanya na lalabas ako, pero hindi naman niya ako puwedeng pigilin kaya ipinatawag na lang niya ang driver. Narating ko ang PZone more than an hour later. Halos puro salamin ang harapan n'on, kitang-kita ang napakaliwanag na loob. The place was packed, lahat ng tables okupado. Still, lumapit pa rin ako sa entrance.

"I know Niccolo Berlusconi," sabi ko sa headwaiter. Nakabuka ang bibig na tumango lang ito, too stunned to speak at

kumpirmahin ang sinabi ko bago ako hayaang pumasok.

I was a little nervous. Ano'ng sasabihin ni Nicco kapag nakita niya ako? Magalit kaya siya na pinuntahan ko siya?

Maingay sa pizza shop nang dumating ako pero biglang tumahimik. Napansin kong fashionable ang mga taong nagda-dine in doon. They looked like a bunch of models, DJs and young entrepreneurs.

Sa unahan ng pizza shop, may glass panel at makikita sa likod n'on ang kitchen. May mahabang counter at mga stool sa harapan n'on kung saan puwedeng panoorin ang staff ng shop na abala sa paggawa ng pizza.

Lumapit ako roon at umupo sa isang stool. Hinanap ng mga mata ko si Nicco. *There*. Kasama siya ng mga male crew na nagto-toss ng pizza, pero nangingibabaw siya dahil siya ang pinaka-expert.

I watched him, captivated. For a man, he was quite graceful. Halos magkabungguan ang mga staff sa sobrang pagmamadali, pero

siya ay cool lamang pero mabilis pa ring natatapos ang ginagawa. *He's in the zone*, I realized. May tranquility akong nakita sa mukha niya sa kauna-unahang pagkakataon.

Until he spotted me in my seat.

"What the..." he mouthed, nakakunot ang noo.

I bit my inner lip. Obviously, he wasn't happy I was here, na natuklasan ko na ang tungkol sa lugar na ito.

Naalala niya ang pizza na inilagay niya sa brick oven. He cursed at kinuha iyon gamit ang mahabang pizza paddle.

Hindi na niya ako tiningnan.

Nakagat ko ulit ang loob ng labi ko dahil sa pag-ignora niya sa akin. Palagi na lang siyang umaakto na hindi ako nakikita. Pero bakit siya pa ang taong pinakagusto kong makapansin sa akin?

*Look at me. I'm here.*

Tumalikod siya at naglagay ng panibagong pizza sa oven, his brows still knotted. Napakapayapa niya bago niya ako nakita,

pero dahil sa akin ay parang nasira na ang gabi niya. Hindi iyon ang gusto ko na epekto sa kanya. I wanted to be the girl who could put a smile on Niccolo Berlusconi's lips. Nang una ko pa lang siyang makita, gusto ko na siyang pasayahin. But it seemed all I managed to do was irritate him.

May umupo sa magkabilang tabi ko.

"Hi, Samantha. I never thought I'd ever see you in the flesh."

"We are the luckiest guys tonight. Can we buy you a drink, or pizza?"

Hindi ako sumagot at hindi ko rin sila tiningnan para ma-discourage silang kausapin ako.

"Damn, you're even more beautiful than your reputation."

"Out of this world, man. Look at her hair, it's like threads of gold."

Yumuko ako. In the past, sapat na iyon para ma-realize ng mga tao na hindi ako komportable, and that they were making me feel harassed. Usually nahihiya sila sa actions

nila at umaatras. Not this time. Patuloy sila sa pangungulit sa akin. Worse, may iba pang mga lalaking lumapit sa counter. They were closing in on me, invading my private space. I felt panic. Gusto kong lumayo sa kanila pero na-trap ako.

Hinanap ng mga mata ko si Nicco. Nakaramdam ako ng kaunting relief nang malamang nakatingin din siya sa direksiyon ko. Mas mukhang iritado na siya.

*Save me?* ipinarating ng mga mata ko sa kanya.

Nagpakawala siya ng malalim na hininga. He was really irritated, siguro dahil sa pagbibigay ko sa kanya ng problema. Kung hindi nga naman ako pumunta roon ay hindi ito mangyayari sa akin.

Itinulak niya pabukas ang sliding glass panel ng kitchen at lumabas. Pumunta siya sa tapat ko at itinaas ang mga kamay. Nagtaka ako. *What does he want me to do?*

"Humakbang ka."

Saglit akong nag-hesitate bago sumunod.

Umakyat ako sa counter at nang nasa ibabaw na ako, hinawakan niya ako sa beywang at binuhat ako. Yumakap ako sa kanya. Naramdaman ko ang pagka-tense ng katawan niya bago niya ako ibinaba sa sahig. Hindi ko pa mari-realize na wala akong balak na bitiwan siya kung hindi pa niya inalis ang mga braso kong nakapaikot sa kanya.

Pumunta siya sa likuran ko at magaang na itinulak ako. "Inside, angel."

Napahakbang ako papasok sa kitchen, dazed. *Nayakap ko si Nicco*. Saglit lang iyon, but it felt very pleasant to hold him, to feel the hardness of his body against the softness of mine. It felt like... coming home. May joy, warmth and security akong natagpuan sa maiksing sandali na nakulong ako sa mga bisig niya.

Nakatingin sa amin ang crew ng pizza shop.

"Gentlemen, may I present to you Samantha Delhomme," Nicco said to break the ice.

"Holy shit," sabi ng lalaki na tulad ni Nicco ay hindi naka-uniform. Nang ma-realize na nakapagmura siya sa harapan ko ay nag-sorry siya. "You know our man Niccolo?"

Tumango ako.

Kinunutan niya ng noo si Nicco. "Bakit hindi mo sinabi sa akin na may kakilala kang Delhomme?"

"Is that important?" tugon ni Nicco. Nagbuhat siya ng crates at pinatas. "Hayaan mo muna siya rito, masyado siyang mainit sa labas."

"Uh, yeah, she is."

"You asshole. You have a girlfriend waiting for you in your condo."

"Yeah, I do." The man winced guiltily.

"Are you Nicco's friend, the owner of this place?" tanong ko.

"I am. I'm Oscar." Inilahad nito ang palad sa akin. Tinanggap ko iyon.

"I heard he was helping you out in your business."

He blinked. "He's actually my part—"

"Shut up, Os," sabi ni Nicco pero huli na dahil nakuha ko na ang dapat na sasabihin ni Oscar. Nicco was his business partner. Nicco partly-owned PZone.

"Not my fault. Hindi mo ako sinabihan na dapat ko iyong itago in case na magpakita siya rito."

Napailing-iling si Nicco kay Oscar. "Back to work," sabi niya sa employees na pinanonood ako. Mabilis na sumunod ang mga iyon.

"How did you know Niccolo?" tanong sa akin ni Oscar.

Nawalan ng emosyon ang mukha ni Nicco. Parang robot na bumalik siya sa pizza assembly table.

"Through his grandfather," sabi ko na lang.

"He's my friend, pero ang dami niyang sikretong itinatago. Ganoon din ba siya sa iyo?"

Tumango ulit ako.

"I'm still here. Do you mind not talking about me?" parinig ni Nicco.

"Fine, fine." Bumaling ulit sa akin si Oscar. "I'd love to talk to you more but we're kind of busy here. Ipapakuha kita ng upuan—"

"I can help you out," prisinta ko.

"Are you sure?" tanong niya, marahil iniisip na hindi pa ako gumawa ng kahit anong trabaho sa buong buhay ko. When I nodded, nag-agree na rin siya. Kumuha siya ng dalawang mozzarella balls. "You can tear these with your hands. Nandoon ang lagayan." Itinuro niya ang dulo ng assembly line.

Pumunta ako roon. Nicco was only three feet away from me. Pinanood ko siya habang nagpipira-piraso ako ng cheese. No doubt, he was a pizza master. Ilang minuto lang ang kailangan para makabuo siya ng masterpiece.

Alam kaya ng mga taong narito na anak siya ng isang world-renowned pizzamaker sa Rome, o isa rin ba iyon sa mga inililihim niya? Maski paano, ikinatuwa ko na hindi lang siya sa akin masikreto. That was just how he was.

May inabot siya sa cupboard malapit sa

kinatatayuan ko. Napigil ko ang paghinga ko sa bahagyang pagdikit ng tagiliran niya sa akin.

"Try not to distract the staff too much, angel. Ilang pizza na ang nasusunog dahil sa iyo," bulong niya.

"I'm not... doing anything."

"That's the problem. You drive us to distraction without even trying," iiling-iling na sabi niya bago bumalik sa puwesto niya.

*Us?* Kasama ba siya sa tinutukoy niya? How I wish it was true.

Nang umalis ang huling customer, kinuha ni Nicco ang jacket niya.

"I'm going home. You should go home too," sabi niya sa akin. Inabot na ako ng closing hour nila dahil kung anu-ano pa ang ginawa ko. Somehow, I'd ended up studying how to make a pizza, and I'd actually made my first one tonight.

Sumunod ako sa kanya. Sa labas, hinanap niya ang sasakyan ko.

"Nasaan ang maghahatid sa iyo?" tanong niya.

Nakalimutan kong tawagan na bumalik dahil nalibang ako kanina. Pinag-ikot ko muna ang driver kanina para hindi mainip habang hinihintay akong lumabas.

And then may naisip ako para magkasama pa kami ni Nicco. "Wala. Nag-taxi ako papunta rito. Puwede ba akong sumabay sa iyo? Sobrang late na para mag-taxi ako."

He scowled. "Bakit ka lalabas nang hindi nagpapahatid sa driver?"

"Gabi na kasi, nahihiya akong mang-istorbo ng driver dahil patulog na siya. Can you take me home?"

Huminga siya nang marahas. "I don't have a car." Naglakad siya at lumapit sa naka-park na black Ducati.

A motorcycle! Of course. That was more his style.

Inabutan niya ako ng helmet. Halatang

labag iyon sa loob niya pero hindi rin niya ako mahayaang mag-taxi pauwi dahil hindi ligtas.

The helmet had a built-in mic. Ikinakabit ko iyon sa aking sarili nang sumakay siya sa motor. Mabilis na umangkas ako sa likuran, natatakot na magbago siya ng isip. Umangat ang dress ko. *Oh no*.

Hinubad niya ang jacket at ibinigay sa akin. "Cover yourself."

"Thank you." Inayos ko sa harapan ko ang jacket.

"Makakakapit ka sa likuran?"

Ipinaikot ko ang mga braso ko sa katawan niya, and I felt him tense up. *Oh God*. *This feels good*. Habang yakap ko siya nang ganito, it felt like... he belonged to me.

"Did you plan this?"

"What?"

"Never mind." Pinatakbo na niya ang motor patungo sa kalsada at ilang sandali pa ay humaharurot na kami.

Maluwag na ang daloy ng trapiko pero aabutin pa rin kami nang halos isang oras

bago makarating sa The Abbey. It would be the best one hour of my life.

"Kailan mo itatanong kung paano ako naging co-owner ng artsy-fartsy pizza shop?" mayamaya'y tanong niya.

Iniisip ba niya na minamaliit ko ang kakayahan niya? "Mas interesado akong malaman kung kailan ako puwedeng bumalik doon."

He paused for a second, then said, "Sinira mo na lahat ng nakakapagbigay sa akin ng peace of mind, angel. First, my little corner in the library. Next, the pizza shop. Then, riding this bike. Riding this bike will never be the same again."

*And I'm having a good time tonight, dahil kasama kita. Bakit kailangan mo ring sirain iyon?*

"I'm not deliberately ruining anything for you, Nicco. Bakit ka nagagalit sa akin?"

Ikinatahimik niya iyon. Hindi na siya nagsalita hanggang sa makarating kami sa family house ko.

"Thank you sa paghahatid sa akin," sabi ko pagbaba ng motor. Kahit naging malamig ang biyahe namin, hindi gaya ng expectation ko, I still felt fulfilled dahil may mga pinagsaluhan kaming bago ni Nicco sa araw na ito.

"I did not, isinabay lang kita, kaya hindi iyon malaking bagay."

"Isinabay? D-dito ka ba matutulog?"

"Dalawang gabi na akong natutulog rito. I'll be staying until the rest of the week."

"Request ni Jacques sa iyo?" He was back! He'd been staying here for two nights, pero wala akong kamalay-malay.


"No. Death anniversary ni Mama sa Friday. Hindi madali para kay *Nonno* kapag dumarating ang araw na iyon."

"Oh. I'm sorry." Pilit kong kinontrol ang saya na naramdaman ko sa balita niya na isang linggo siya rito.

"Good night, angel," he said. Pinatakbo niyang muli ang motor niya patungo sa likod ng mansion. Sinundan ko iyon ng tingin, my

heart fluttering.

May five days pa ako bago muling umalis si Nicco. Paano ko magagamit ang panahon na iyon para tuluyang mapalapit sa kanya?


OBSESSED
NOBLE BOYS SERIES
SHANNA LUCAS

In her own home, Sigourney Wesleyan was never considered good enough. Constantly trying to prove her worth to her foster family and meeting their expectations of her had made her miserable.

College was her saving grace. As the very responsible Central Student Council Vice President, she was seen as a positive force in their school. Kinaiinggitan rin siya ng marami dahil kaibigan niya ang kanilang org president na si Dakila Sarmiento.

Dax was the smartest, richest and most popular at the Noble Business School of the South. No one would dare mess with him. Kapag kasama ni Sigourney ang lalaki, nagiging invincible na rin ang pakiramdam niya sa sarili.

She also liked the fact that when it came to his friends, Dax was always game in anything. When she'd suggested that they become fubus for all its undeniable benefits, she found

herself beneath him literally a second later.

He was her rock. Her anti-depressant. Whenever she was with him, she could never feel cold and lonely.

Ngunit sa likod ng kanilang magandang samahan ay may nakatagong maitim na sikreto. When the man who had saved her sanity destroyed the little confidence Sigourney had in herself, could she still find happy endings in this life?

# OBSESSED

A NOBLE BOYS SERIES

SHANNA LUCAS

# CHAPTER 1

## Sigourney

Honestly? If someone would make me choose between my house and my school, I'd choose the latter in a heartbeat. Kahit pa matawag akong ingrata o walang utang na loob ng mga taong nagpalaki sa akin, eh sa mas gusto ko pa talaga kapag pumapasok ako kaysa manatili sa bahay!

My so-called home was like a giant pressure cooker except it was fucking cold inside. Pero sa Noble Business School of the South, despite the headache-inducing acads

and never-ending org activities, it was fun and warm.

"Morning!" pagbati ko matapos itulak pabukas ang pinto sa central student org headquarters.

Did I say school was warm? Make that "hot" because of *the* Dakila Sarmiento. Our President was so gorg and sexy he could dangerously raise the temperature of any room he was in.

I pulled the stool chair next to Dax before I sat down. I took off my yellow cardigan while casually stealing a glance at his serious face.

`Yung totoo hindi talaga siya ang pinakaguwapo sa NBSS (that title belonged to our Treasurer and his good friend, Josh Talon Phillips). Pero iba ang dating ng isang Dakila Sarmiento. Nasa kanya na ang lahat ng good qualities na aasamin ng kahit sino sa isang lalaki, and he had all the bad ones too. Dreamy ideal guy and tempting bad boy rolled into one. Saan ka pa? Kaya kung sa

appeal lang natalo niya si JT, hence he was more popular.

"Bukas ang aircon. Hindi ka ba lalamigin?" he asked without looking at me. His long fingers were typing in the keyboard of his expensive laptop.

"Nope. Ang init nga, eh," I answered with a grin. Isasabit ko sana sa upuan ang cardigan pero stool nga pala iyon. Palagi na lang akong nalilito! Siguro kasi ganoon talaga ang epekto sa akin ni Dax. Char! Ipinatong ko na lang sa table ang cardigan ko. "Aga mo."

"I'm not. You're late, Sig."

"Ano ka? Sakto dating ko, ah! Eight a.m. ang usapan, and you're not supposed to be here yet. Look, wala pa `yong iba rito." Itinuro ko ang mga bakanteng upuan. "Kung sila mali-late, lalo ka na dapat."

"Bakit mo ipinagpalagay na mali-late ako sa meeting?"

"VIP ka, eh." I grinned again at his side profile.

*Saya `yan?* Uhm, yeah, this guy's presence

could instantly lift up my mood most of the time. Nabubura na nga sa utak ko ang nakahihiwang tingin na ipinukol sa akin ni Mama Eleana nang magkasagutan kami kaninang breakfast ni Zoey, at ano pa ba? Siyempre ako ulit ang may kasalanan sa nangyari kasi perfect ang ultra-talented favorite sa "pamilya."

Dax turned his face to look at me. Ugh! Instant self-consciousness. Iba rin ang mga mata ni Dax kapag tumitingin. Parang… nag-i-stick. Ewan kung bakit ganoon sa pakiramdam ko! Basta! Parang literal talaga na humahagod ang mga mata niya sa akin at nagtatagal.

"Are you taunting me?" he asked, suplado ang dating. Kung iba matatakot na iyon kay Dax. Suplado naman kasi talaga siya. Immature, petty, barumbado, pikon, ilan lang ang mga iyon sa tawag sa kanya ng marami sa business school. Fortunately, iba siya sa amin. We'd never seen his negative side here. Napakareponsable nga niyang leader. We'd

always depended on him to get things done.

"No, Mr. President. I wouldn't dare." I fluttered my lashes at him.

He narrowed his eyes at me, gazing intently, and I giggled. Sarap talagang i-dog show rito ng presidente namin na untouchable sa labas!

"Hoy, Sigourney! Sinusubukan mo na naman ang pasensiya ni Dax." Si Charmaine na kapapasok lang.

Kasunod niya si Blakely na isinuksok sa designer bag ang ginamit na lipstick. She smacked her pillowy lips and scanned the whole room.

*Sheesh. Student org headquarters ba ito or sacred place for landi?*

"We're good. Hindi naaasar sa akin si Dax. `Di ba?" Tinapik ko si Dax nang mahina sa balikat. Close kami pero hindi ko siya basta-basta nahahawakan. Dinadaan ko na lang sa ganoon. Para-paraan ba. Notorious kasi si Dax sa pamamahiya sa mga nagpi-flirt sa kanyang babae. Baka mainis na rin sa akin

nang tuluyan kapag sumobra ako.

"Dax, pa-coffee ka," ungot ni Charmaine habang nauupo.

"Parating na."

"`Yown! `Yan ang gusto namin sa iyo! Your money!"

"Bakit ang haba ng agenda for today's meeting? Idi-discuss talaga natin `to lahat?" reklamo ni Blakely.

"What do you expect? This school is full of entitled Blakelies. Daming complains, lalo pa nang si Dax ang maging CSO President. Parang mga girlfriend na nagpapa-bebe!"

"Hintayin mo naman akong tumalikod bago mo ako saksakin, Charm!" Inabot ni Blakely ang buhok ni Charmaine na tumitiling umiwas. Umatras ako para hindi niya mabunggo. Eh walang backrest ang upuan, kung hindi pa iniharang ni Dax ang braso niya sa likod ko, nahulog na ako.

Bumaling ako sa kanya. He was still facing his laptop. Ibinaba na niya ang braso upang ituloy ang pagta-type.

"Ano'ng gagawin natin sa plaza na gustong ipasara ng ilang schoolmates natin, Dax?" tanong ko, pumangalumbaba at tumitig sa kanyang mukha.

"Let's wait for the others."

Ngumuso ako. Sumali na lang muna ako sa pagkukulitan nina Charmaine at Blakely habang hindi pa sinisimulan ang meeting. Hinayaan lang kami ni Dax. May special treatment talaga kami sa kanya, eh! Kahit maiksi ang kanyang pasensiya, tino-tolerate pa rin niya ang pagiging magulo namin rito.

Dumating si Ryan. Lumipat si Blakely sa tabi nito. Charmaine and I meaningfully raised our brows at each other. Noong start pa lang ng sem ay ginawa nang personal project ni Blakely ang tahimik na Business Manager namin. Pareho naming inaabangan kung magtatagumpay ang It Girl ng NBSS-CSO.

Pagdating naman ni JT ay nilingon ko siya at pinanood na pumasok. Grabe, ang sarap talagang pagmasdan ng kaperpektuhan niya! Like, paano kaya siya nagawa ng parents niya

na walang kamali-mali sa mukha at katawan?!

"Let's start," pukaw sa amin ni Dax.

Napabaling ako sa kanya. "Wala pa `yung iba."

"Masyado na silang late para hintayin. Baka tanghaliin tayo."

Inuna namin sa agenda `yung petition na bawiin ang katabi naming plaza. Parte ng property ng business school ang lupa na iyon, pero dahil tinatambayan ng marami mula noon ay naging unofficial town proper plaza bago pa man naipatayo ang NBSS.

"Kung imungkahi natin sa school board na pabakuran?" suhestiyon ni Carla, our second Business Manager.

"Luh. Papayag ba ang munisipyo?" tanong ni Charmaine. "Siyempre hindi. Sigurado makikipagnegosasyon pa sila niyan."

"Yup. Maha-hassle ang school. Magkakaroon rin ng negative view sa atin ang mga tao kapag kinuha natin ang plaza," sabi ko, hindi sang-ayon sa nais mangyari ng ilang schoolmates namin.

“May point naman ang petition. Magagamit natin `yung space, like sa outdoor PE ng freshmen and sophomore,” sabi ni Blakely. “Let’s admit it, guys, in terms of area maliit talaga tayo compared sa ibang colleges and universities. I can’t blame our schoolmates kung pinag-iinitan nila ang plaza now. They know na kung may makakabawi n’on para sa ating lahat, it’s Dax’s family.”

“I agree. Maraming bakanteng lupa na maaaring paglipatan ng plaza at obligasyon iyon ng pamahalaan.”

Ngumiti si Blakely sa pagkampi sa kanya ni Ryan. *Kilig `yan?*

Tumingin ako sa mukha ni Dax upang hulaan ang iniisip niya.

“Ano ang babawiin? The land has always been ours and we can use it anytime we want,” sabi niya na ikinakunot ng noo ko. “Magpo-post ako sa social media account natin na walang pumipigil sa Nobleans na gamitin ang plaza. Malaya sila kahit mag-PE roon. Of course, walang allocated budget ang

school kaya imposibleng magawa ang fence this year or the next."

I covered my lips to stop myself from giggling. Just what I'd expected from Dax! Ibibigay kunwari ang gusto ng spoiled brats at bahala sila sa consequences. Of course walang Noblean na gugustuhing mag-PE in public.

"Ang KJ. Unahin mo naman ang needs ng school natin, Dax," nakasimangot na sabi ni Blakely.

"It's not worth it," sabi ko. "It's just a block of land to us, pero sa lahat ng taga-Nobles, parte na ang plaza ng buhay nila. Kapag sinubukan nating angkinin iyon, we don't know what might happen. Raise the next issue, please!"

Almost eleven a.m. na kami natapos. Karamihan sa amin may class nang ten-thirty kaya nagsilabasan agad sila para humabol at iniwan ang mga kalat sa lamesa. Nakakahiya kay Dax kaya nilinis ko muna.

"Puyat yata si JT. Halos makatulog sa meeting kanina," puna ko.

"Pagod sa trabaho sa company ng abuela." Ipinasok niya sa bag ang laptop.

"Ikaw nga may business. Sa gabi pa ang operation." He was running a night club in Nobles. "Nakipag-one night stand ulit iyon, `no? Tsk! Landi-landi!" Nangingiting ngumuso ako.

Tumayo si Dax at ewan kung paano natamaan ng kamay niya ang eyeglasses ko habang may inaabot ako sa lamesa. *Oh no!* Sinundan ko ng tingin ang eyeglasses ko na tumalsik sa sahig.

"Sorry." Kinuha niya iyon at pinag-aralan. "It's broken. Papalitan ko na lang. Ano'ng grado ng mata mo?"

"Give them to me. Magagamit ko pa iyan."

"Basag ang lens."

"Let me see. Baka mai-tape ko pa."

"Not a good idea, Sig. Baka tuluyan `tong mabasag habang suot mo at matusok pa ang mata mo." Ibinulsa niya ang eyeglasses.

Ipinagpilitan ko pa rin iyong kunin sa kanya. Pero ayaw niyang ibigay at lumalayo

siya kaya ipinasok ko ang kamay ko sa bulsa ng pants niya. Kaso may nasama sa pagkuha ko ng eyeglasses ko.

A packet of condom.

Saglit na nag-short circuit ang utak ko na hindi makapaniwala sa tinitingnan. May nakuha akong condom… sa bulsa ni Dax.

"Eek! Dax!" Inabot ko iyon sa kanya para kunin niya.

"Napapala mo. Keep it. Nasa iyo na, eh."

"Are you crazy?! Lalaki ba ako, ano'ng gagawin ko rito? Take it, bilis na!"

"You're not a man, but you have something that will attract someone who can use that."

"Not funny, Dax!" Ibinato ko sa lamesa ang condom. Ipinunas ko sa damit ko ang kamay ko na parang nagbabaga. "Bakit ka ba kasi nagdadala niyan sa school, ha? What if may dukutin ka sa bulsa mo habang naglalakad ka `tapos nahulog mo `yan at maraming makakita? My god, you're our president! Umayos ka nga, Dax!"

"Because I'm the central student council president? Paano kung sabihin ko sa iyong…" Nag-lean forward siya sa akin na ikinalaki ng mga mata ko, "ayoko?"

Kinuha niya sa table ang condom at ibinulsa. Napagtanto ko na inabot lang pala niya iyon kaya siya bahagyang lumapit. Grabe naman ang imahinasyon ko!

"Ah ganoon? Malandi ka rin pala gaya ni JT? Sorry ah, akala ko kasi kagalang-galang ang president namin." Iningusan ko siya.

"I have a night club, Sig."

"So? Gagamitin mo iyan doon mamayang gabi?"

"Kung puwede mamaya, bakit ako tatanggi?"

"Ah, ganyan ka, Mr. Sarmiento?" Tumango-tango ako, naka-cross arms na nakatingin sa kanyang mukha.

"Ganito ako, partner. Gusto mo ipakita ko sa iyo?" He was smiling and I couldn't tell if he was teasing me in a hot way or just trying to tell me to get off his case in a not-so-rude

way.

“Ha-ha. Very funny. Palitan mo salamin ko, ha!” pagde-demand ko, binago na ang paksa namin dahil sumisindi ang green part ng utak ko. Bisit naman kasi ang condom ni Dax! Bakit kailangan ko pa iyong makita at mahawakan? Hu-hu.

“I already offered. Akin na.” Kinuha na naman niya sa akin ang eyeglasses ko. “Baka isuot mo pa, eh.”

“Hindi ako makakakita nang maayos `pag lumabas ako, Dax!”

“Sabay na tayo. May optometrist shop sa malapit. Isang oras lang naman palitan `to, `di ba?”

Wala akong pampagawa ng salamin kaya pumayag na rin ako.

***

Yumuko ako upang itago ang paghihikab. I was at the city’s grand theater with Mama Eleana and Dada Joko, watching the concert of a famous American saxophone artist. Malapit na akong makatulog dahil sa

boredom. Call me uncultured pero hindi ko lang talaga naa-appreciate ang ganoong klaseng musical performance.

Sa kalagitnaan ng concert ay lumabas si Zoey sa stage. Isa siya sa special guests. Umayos ng upo si Mama Eleana dahil iyon lang talaga ang pinakahihintay niya. Si Dada Joko ay nagbi-video na.

*Congrats, Zoey, you're making them so proud again*.

Zoey was a cellist. Ipinadala siya ng foster parents namin sa America upang mag-aral sa music school roon. Umuwi siya last year, and since then she'd been making a splash in the classical music scene.

We were not close.

Partly, dahil magkaiba ang ugali namin. But mostly, because for years our foster parents had been pitting us against each other while showing unfair favoritism. Hindi ako kusang nakikipagkompitensiya kay Zoey, I actually wanted to be an older sister to her before. Pero hindi nangyari dahil in the first

place, hindi iyon ang purpose ng pag-ampon sa amin nang bata pa kami. We were only handpicked and brought home to make our foster parents look good to everyone else.

Gusto ko nang umuwi after the concert pero invited kami sa celebratory dinner sa hotel. Napakatagal pa naman n'on! All in all, six hours ang in-endure kong torture sa mundo ni Zoey bago kami sumakay ng family van.

"Ang cello ni Zoey, kunin mo at ipasok mo sa loob, Sigourney," utos ni Mama Eleana kung kaya hindi natuloy ang paglabas ko sana ng sasakyan pagdating namin sa bahay.

"Bakit ako?"

"Pagod na si Zoey. Buhatin mo iyan."

"Don't drop my cello. It's more valuable than your life," sabi pa ni Zoey sa akin bago siya lumabas.

Inis na binuhat ko ang malaking cello case. Natukso pa akong ilaglag nga iyon dahil sa sinabi ni Zoey kanina. We rarely talk, maliban kung nais niya akong i-antagonize at

nangyayari iyon kapag tinotopak siya. Bawal naman akong sumagot sa kanya dahil kailangan ko raw pagbigyan. Artist kasi si Zoey at may lisensiya siyang maging quirky.

"Quirky my ass. You're a psychopathic bitch," I muttered under my breath.

Ipinasok ko ang cello sa silid niya kung saan nagtatanggal na siya ng clips sa buhok, hindi ako sinulyapan o pinasalamatan. I just ignored her too kaysa lalo akong mainis. Lumabas ako at pumunta na sa sarili kong silid.

# CHAPTER 2
## Sigourney

Nakita ko si Charmaine sa Underground Club o UGC for short. Kinawayan ko siya para madali niya akong mapansin. Ang dami kasing nakaharang at ibang dumaraan. Kumaway rin siya sa akin bago lumapit sa table na kinarooonan ko.

"Ano'ng nakain mo? Bakit ka nag-ayang mag-club?" tanong niya pagkaupo.

"Wala. Hindi lang makatulog. Ikaw, bakit gising ka pa nang nag-chat ako?"

"May pinatulan akong twelve-hour

reading challenge this weekend, kaso `yung napili kong basahin ang sakit sa ulo! Binitiwan ko na muna nang nag-message ka." Tumingin siya sa bar. "Uy, nandito si Dax! Alam ba niyang nandito ka rin?"

"Oo, lumapit na siya kanina. Sabi ko hinihintay ko kayo ni Blake."

"Nagulat ba na naligaw ka rito? Hindi mo scene ang mga ganito," tukoy niya sa club.

"Ikaw rin naman. But I'm on my last year in college, ikaw third year ka na. Try na natin ang lifestyle ni Baby Blakely habang may time pa." I grinned at her. Magkakaiba kami ng year pati mga personality pero nag-click pa rin kaming tatlo.

"Magma-master's ka pa, `di ba?"

"Yup. Aral ulit pagka-graduate." Hindi kasi sasapat sa foster parents ko ang undergraduate diploma lang. "Ikaw, may plano ka?"

"Magwo-work muna ako pagka-graduate. Saka ko na iisipin kung kukuha ako ng master's degree. Nakakapagod rin kayang

mag-aral."

May staff na naglapag ng dalawang cocktail drink sa table namin.

"Galing ba iyan kay Dax?" tanong ni Charmaine dahil hindi naman kami nag-order.

"Oo, nakaubos na ako ng isa kanina."

"Ang generous talaga ng president natin!" Tinikman niya ang cocktail drink na para sa kanya bago tiningnan ulit niya si Dax sa bar. "Iba ang aura niya rito, Sigourney. Businessman ang dating." She giggled.

Hinawakan ko ang kamay ni Charmaine upang kunin ang atensiyon niya. "May sasabihin ako. `Wag kang maingay, ha."

"Oo, secret lang nating dalawa. Ano'ng chika mo?"

"May nakita akong condom sa gamit ni Dax last meeting natin." Hindi ko na sinabi ang eksaktong nangyari kung paano ko nakita ang condom.

"OMG!" Humawak siya sa mga pisngi, nagpipigil na tumili. "Scandalous naman ni

Mr. President!"

"Kaya nga, eh. Hindi ko akalain na may pagka-JT pala si Dax. Sinabihan ko siya na umayos kasi CSO president siya, ang sagot ba naman sa akin ayaw niya raw."

"Putsa, bakit kinikilig ako?"

"Dax at condom iyon, eh," sabi ko na ikinahalakhak ni Charmaine.

Nakatingin si Dax sa amin mula sa bar, bahagyang nagsasalubong ang mga kilay na waring iniisip kung ano ang pinag-uusapan namin ni Charmaine. *Ikaw po*. Napangiti ako kaya ipinaling ko ang aking ulo upang hindi niya makita.

"But kidding aside, tingin mo ba tulad talaga siya ni JT na nakikipag-one night stand kung kani-kanino?"

"Si Dax? Nope! Sa obserbasyon ko sa kanya, hindi niya style iyon. Ang arte kaya niya. Mapili masyado sa lahat ng bagay. And he has a quick temper. Tingin ko hindi siya papatol sa babaeng kakikilala niya lang, like sa club. Kasi kailangan niya munang alamin

kung nakakainis iyong girl o hindi. Kung kaya niyang i-tolerate ang ugali, something like that."

"Dapat iyong medyo kilala na niya?" *So may chance ako? Char!*

"Hindi lahat ng lalaki tutuka basta may available na palay, at sure akong ganoon si Dax. But he's still a guy at kung responsible siya, normal lang na magdala siya ng condom."

"Hello, hello!" Dumating na si Blakely na ang cute ng getup. She really was fashionable and pretty. Kung hindi lang siya smitten kay Ryan, mag-aalala ako na magkagustuhan sila ni Dax sa org.

*Mag-aalala talaga, teh? Possessive yarn?* Walang something sa amin ni Dax pero siyempre kung maging couple sila ni Blakely ang awkward na for me at hindi ko na siya low-key malalandi sa org.

"Sooo happy, natututo na kayong gumimik sa wakas, mga anteh!"

"Grabe siya! Matagal na kaming

marunong mag-club ni Sigourney. Book club, Math club, nerdy-nerdy stuff club. Ganern," sabi ni Charmaine. Sinita niya si Blakely nang basta na lang nitong ilapag sa table ang bag. "Huy, `yung Prada purse mo, baka matapunan! White pa naman. Bakit iyan ang dinala mo?"

"`Yaan mo, marami pa ako niyan." Dinampot ni Blakely ang cocktail drink ko.

"Luh! May pang-flex pero alak ng iba, ninenenok."

"I'm thirsty. Expensive ng taste nito, ah! Ano'ng pangalan nito, Sigourney? Gusto ko ring order-in."

"Dunno. Ipinadala lang iyan ni Dax dito."

"Sumayaw na kayo?"

"Nagpapaantok lang ako. Hindi ako pumunta rito para sumayaw."

"Wala rin akong balak. Na-curious lang akong pumunta rito sa club ni Dax nang mag-aya si Sigourney."

"`Wag KJ, mga anteh! Nandito na rin kayo, lubus-lubusin n'yo na. Sayaw tayo.

`Lika!" Tumayo si Blakely at nanghila.

"Si Dax," sabi ni Charmaine kaya lumingon ako. Papalapit sa amin si Dax.

Very true ang observation ni Charmaine kanina, iba ang aura ni Dax ngayong gabi. Sa NBSS, as a student, ang image niya ay bad boy heartthrob na mahirap kantiin. Sa central student council, he was a more mature student politician. Dito sa night club niya, Dax had the appeal of a successful man.

"It's crowded and loud in here. Punta tayo sa ibaba," aya niya sa amin.

Binitiwan kami ni Blakely at excited na lumapit kay Dax. "Papapasukin mo kami sa mancave mo, Dax?! Wow! Thank you, ha! First time ko."

Wala kaming ideya ni Charmaine kung ano iyong mancave na binanggit ni Blakely. Nagkibit-balikat na sumama na lamang kami.

Kumapit si Blakely sa braso ni Dax habang naglalakad kami. "I like your jacket!"

Napatingin si Dax sa kamay ni Blakely at waring babawiin ang braso, ngunit bandang

huli ay hinayaan na lamang.

Napalabi ako. *Inggit much*. Lahat ng closest friends ni Dax ay lalaki pero mula nang magkasama-sama kami sa CSO ay nakita ko ang effort at willingness niyang mapalapit rin sa aming mga babaeng co-officer niya. Dapat ba samantalahin ko na rin tulad ni Blakely at huwag na akong mahiyang dumikit sa kanya?

"Blake, tawagan ba namin si Ryan na pumunta rito?" Charmaine teased Blakely.

Agad itong sumang-ayon. "Good idea!"

"`Wag na lang. Tulog na `yon."

Sumimangot si Blakely sabay inismiran si Charmaine. "Tse!"

Underground na iyong night club pero kinailangan pa ulit naming bumaba ng hagdan para marating ang pakay. I was pleasantly surprised nang makapasok kami. Malawak roon at parang amusement center. May indoor swimming pool, bowling alley, billiard tables, trampoline, arcade games at bump cars.

"This is so cooool," nakataas ang mga kamay at umiikot na bulalas ni Blakely.

"Nice playground. Tambayan n'yo ba ito nina JT, Trent at Daven?" tanong ko kay Dax.

"Sometimes. Wanna play?" tanong niya sa akin, `tapos inilipat ang tingin kina Charmaine at Blakely.

"Nine ball! Sino'ng lalaban sa akin?" Lumapit si Blakely sa billiard table. Tinanggap ni Charmaine ang paghahamon niya.

Hindi naman ako marunong mag-bilyar kaya hindi ako makakasali. Saka wala talaga ako sa mood na maglaro. Na-drain ang energy ko sa concert. Na-drain ng so-called family ko. Nakipagkita ako kina Charmaine at Blakely dahil gusto kong makasama ng mga genuine at positibong tao.

"Titingin-tingin lang ako, ha," paalam ko kay Dax.

Lumakad ako para i-explore ang lugar. Iyong swimming pool ang pinaka-main attraction base sa kinalalagyan n'on. May

floats roon na maaaring gamitin. I could imagine Dax throwing a wild party and his guests playing in that pool.

Sa arcade games lang ako medyo nagkainteres dahil pamilyar ako sa iba. Naglalaro ako dati sa malls nang nasa SHS ako. Pero meron ding games na dito ko pa lang nakita.

Tinanaw ko si Dax. Nakaupo siya sa couch at tinatanaw rin ako. He was biting his lip and looked so serious. Nagwo-worry ba iyon or what? *Grabe siya, hindi naman ako maninira ng precious toys niya rito!*

Pumunta ako sa kinaroroonan niya at umupo, bahagyang malapit sa kanya. Medyo kinapalan ko na ang mukha ko. Ramdam kong nakatingin siya sa akin kaya ipinaling ko ang mukha ko sa kanya. Hinahagod niya ako ng tingin.

"I'm surprised you own a pair of pants."

"Kulang na lang sabihin mong para akong manang tuwing pumapasok," ngumusong sabi ko, ipinahid sa baby pink jeggings ang

bahagyang namamasang palad. Pero totoo naman iyon. Old-fashioned ang karaniwan kong isinusuot kaya halos magmukha akong modern Miss Minchin. Kailangan kasi aprubado ni Mama Eleana lahat ng ginagamit ko for the sake of image.

"I'll never say that because you're not. You have an eccentric feminine style." Hinawakan niya ang eyeglasses ko at in-adjust. It was more expensive than my previous pair. Siya kasi ang pumili at nagbayad. Ibinili niya rin ako ng contact lenses n'ung nasa optometrist shop kami. "You're like a model with a unique look, Sig."

"Eccentric. Unique. Pinapaganda mo lang ang tunog pero alam ko ang iniisip mo." Hinagod ko siya ng tingin. "Just because you look like that…"

"I look like what?" He was raising his eyebrow at me.

"Are drinks and food not allowed here? Bakit hindi ka nag-aalok?"

"Like what, Sig? Ituloy mo."

"You're hot, Mr. President," I teased him and then giggled. Ang lakas na talaga ng loob ko sa part na iyon, ah!

Lalong tumaas ang kilay niya. He shook his head but there was a hint of a smile in the corner of his mouth. "Kung hindi ko lang alam na nakainom ka ng dalawang shot ng hard liquor, seseryosohin ko ang sinabi mo." Inilabas niya ang cellphone.

"One and a half lang. Kinuha kasi ni Blakely `yung natira sa cocktail drink ko."

May kinakausap siya sa cellphone habang nakatingin sa akin. Nagpapadala siya ng mga alak. "What do you want to eat?" he then asked me.

"`Yung fancy charcuterie board, do you have that here? I want to try that."

Humingi rin siya n'on sa kausap bago nag-disconnect. Ibinaba niya ang cellphone at basta na lang hinagis sa coffee table. Gagi, wala pa namang case!

"First time you visited my lair, Wesleyan. May dahilan ba?"

"I was just bored, and I couldn't sleep."

"What do you usually do when you couldn't sleep?"

"I cook. I like making jams and marmalades. Pickles and kimchi too. Ibinebenta ko sa neighbors at classmates ko ang sobra."

"We've never seen your delicious jams in the org headquarters yet."

"Nahihiya po kasi ako sa iyo. Baka sabihin mo ang jologs ko kapag binentahan ko kayo."

"Ano ang ikina-jologs n'un?"

"Ay, wow! Alam mo ang meaning ng jologs? Akala ko hindi. Hindi kasi bagay lumabas sa expensive lips mo."

Kinunutan niya ako ng noo pero ewan, parang nangingiti rin ngunit pinipigilan lamang. "Expensive lips? Are you okay, Wesleyan?"

"Oo na parang hindi?" Nginisian ko siya. Kinikilig ako dahil magkatabi at nag-uusap kami sa club niya pero nakakanerbiyos din nang slight. Wala sa loob na niyakap ko ang

sarili.

"Are you cold? Hindi mo dala ang cardigan mo."

"`Wag na, okay lang ako!" pigil ko sa kanya nang aktong huhubarin niya ang jacket. Alam ko, sayang `yung gesture niya! Kaso baka mangisay na ako sa kilig kapag isinuot ko ang jacket niya, mahahalata niya ako. He-he.

Tumayo siya at binawasan ang lamig roon. Dumating na rin ang mga alak na hiningi niya. Kinuha niya sa staff ang isang bote at binuksan habang naglalakad pabalik sa couch. Nagsalin siya sa baso at ibinigay iyon sa akin.

"Kaya mong inumin?"

Inamoy ko ang alak bago tinikman. Kaya naman. Lumagok ako nang tatlo. Instantaneous ang pag-raise ng temperature ko. It felt nice.

Nagsalin rin si Dax para sa sarili. Ipinatong niya ang isang braso sa headrest ng couch. His legs were crossed. `Yung walang gap at usual na paraan ng pagle-leg cross ng mga babae,

pero ang masculine at expensive tingnan sa kanya. Mukha siyang cover model ng Wattpad stories! Napapabungisngis ako sa dumaan sa isip ko.

"The alcohol making you act like not yourself again, Wesleyan?"

"Ganito naman ako palagi." Or whenever he was around. *I feel giddy, light-headed, flirty…* Favorite hobby ko na nga ang low-key landiin siya. Hindi ko alam! Basta sumasaya talaga ako kapag nandiyan siya. Kung anu-ano'ng dumadaan sa imahinasyon ko na may kinalaman sa kanya. Even in my imagination he was sooo fine.

"You're always what? Making fun of me?"

"Grabe ka! Making fun talaga? Gagawin ko ba iyon sa iyo, Mr. Dakila Sarmiento? The most intelligent, most popular NBSS student? Takot ko lang sa iyo!"

"You're doing it again." He shook his head. Parang dismayado yata?

At teka, akala pala niya pinagkakatuwaan ko lang talaga siya?! `Sabagay pabor na rin sa

akin na hindi niya alam na naglalandi na pala ako. Iba kasi ang image ko sa NBSS lalo na bilang Vice President niya. I was supposed to be the studious and active senior accounting student.

"Wowers! Ang dami!" Tumatakbo si Blakely papunta sa amin, tuwang-tuwa sa mga alak na ipinakuha ni Dax. Umupo siya sa tabi ko. Charmaine joined us too.

Si Dax lang ang lalaki sa inuman pero normal siyang umakto. Wala naman yatang nakakapag-cause ng discomfort sa lalaking ito! He was so freaking comfortable, kahit saan siya ilagay o ano'ng ginagawa niya. Sanaol na lang talaga super confident!

Kaming three girls ang taga-daldal, siya ay taga-kinig at sumasagot lang kapag may direktang itinatanong sa kanya. Sinasalinan rin niya ng alak ang mga baso namin at pinaaalalahanang kumain ng bar foods na nakahain. Nakakatuwa kasi wala sa personality niya pero inaasikaso niya pa rin kami just because we were his girl friends.

Ang special-special na ng tingin ko sa sarili ko.

"Thank you sa painom, Dax!" Blakely reached out and grabbed Dax's thigh.

Alam kong wala iyon sa kanyang malisya. Touchy-feely lang talaga si Blakely sa mga ka-close. Pero parang gusto ko pa rin siyang itulak at sabihan ng *tabi!* para ako naman. Joke. Not.

"Sana every week na para `di na kami mai-stress. `Di ba?" dagdag niya.

"Pass. I'm not gonna puke my intestines out every week," sabi ni Charmaine.

"Get used to it. Once nag-corporate at nagka-boss ka, walwal weekends will be your new normal."

"Huy, mag-i-internship training ako sa summer, `wag mong patayin ang excitement ko."

"Sahree. It's the reality. Madalang na ang company na walang toxic office politics."

"Dax, sa Sarmiento Land Development Corporation talaga ang target ko for my internship. Ipasok mo naman ako, oh. `Tapos

`pag naka-graduate ako baka puwedeng kunin n'yo na akong full-time employee? Maganda raw kasi company culture sa inyo," request ni Charmaine.

"Sure," balewalang pagpayag ni Dax, as if it wasn't a big deal to give what our co-officer was asking of him.

"OMG! Ang bait! Tama lang talaga na ikaw ang president namin! Walang-wala kaming complaints. `Di ba, Sigourney? Perfect ba ang partner mo?"

Namumungay ang mga mata na tumango-tango ako. Medyo tinatalaban na ako ng alak. "From head to toe."

"May gusto ka rin hingin?" tanong ni Dax sa akin. Tumango ako. "What?"

*Ikaw. Can I have you?* I giggled. "Secret."

"May tama na si Sigourney," puna ni Blakely.

"Hindi pa ako lasing, ah!" Kaya ko namang kontrolin ang sarili ko kapag nakakainom ako kaya hindi ako nag-aalala.

Pero si Dax ay parang ayaw kaming

malasing nang husto. After thirty minutes, pinauuwi na niya kami. Tumawag siya ng kakilalang taxi driver na maghahatid sa amin. Nag-agree kami ni Charmaine na time to go home na pero si Blakely ay nagreklamo. Paglabas namin ng mancave ni Dax, tumakbo ito papuntang dance floor, humalo sa napakaraming taong nagsasayawan roon.

“Parang pinakawalan sa koral, ah,” puna ni Charmaine na iiling-iling.

“Ako na’ng bahala sa kanya mamaya. Ipapahatid ko rin siya,” pag-reassure sa amin ni Dax. Pinasakay niya kami sa naghihintay na taxi sa gilid ng kalsada. Inabutan niya ang cab driver ng two K bago bumalik na siya sa UGC.

Napabuntonghininga ako habang pinanonood siyang maglakad papalayo. *He’s so dreamy tonight*. Siguradong gigising ako na medyo masakit ang ulo, but that was okay. Natanggal naman lahat ng stress ko ngayong gabi, all thanks to our gorgeous President Sarmiento.

# CHAPTER 3

## Dakila

I went back to my mancave to drink alone and think. Only half an hour had passed when Trent phoned me.

"Hey, Dax! Nandiyan ka raw sa ibaba. Papasukin mo kami!"

Napilitan akong mag-text sa staff ko na paraanin ang mga kaibigan ko. Nagrereklamo pa si Trent nang dumating na sila.

"Bakit ba kasi wala kaming auto pass rito? Are we others? Akala ko ba magkakaibigan tayo?"

What a nagger he was. Daig pa ni Trent ang babae kung minsan. Hindi ko kailangang magpaliwanag sa kanila kung bakit hindi ko sila basta-basta pinapapasok roon. It was *my* mancave. My personal space. Doon ako pumupunta kapag gusto kong mag-isip o magpahingang mag-isa. Pero itong si Trent, akala yata lahat dapat naming gawin nang magkakasama. Nakakasawa na rin ang mga pagmumukha nila.

"May nakainuman ka ba rito?" tanong ni Daven na tinitingnan ang mga bote at baso sa coffee table. Hindi ko pa napapalinis sa staff.

"Mga co-officer ko."

"Nag-party kayo rito kanina? Bakit hindi ko alam?" tanong ni JT. Umupo siya sa katapat na couch. Nagtatakang tumaas ang mga kilay niya nang mapatingin sa mukha ko. "Why are you looking at me like that?"

I shifted my eyes to my glass of drink.

"Baka may nagawa kang kasalanan kay Dax," sabi ni Daven sa pinakabatang kaibigan namin. JT was twenty. Twenty-two si Trent

habang kami ni Daven ay going on twenty-two na rin.

"Useless siya sa last meeting namin. Nag-officer pa," sabi ko.

"That? Sorry. May ipinagawa si Grandmy. Napuyat ako. Kaya n'yo na naman iyong mga issue sa business school."

"Strict president. Masyado mong sineseryoso ang org n'yo, Dax," komento ni Trent. Sa tabi ko siya naupo. Tinapik niya ako sa tuhod. "Magpa-politics ka ba? Parang nasa dugo n'yo talaga."

"Saan mo nakuha iyan? Papa is not a politician."

"Sige. Royalty?" Trent grinned.

Pinatahimik ko siya sa pamamagitan ng tingin ko. Sawang-sawa na akong marinig ang biro na iyon. Paulit-ulit at nakakairita na.

"Ang boring. Patawag tayo ng girls rito, Dax."

Sinamaan ko lalo ng tingin si Trent. "Kung gusto mong makihalubilo sa mga babae, lumabas ka."

Pinagtawanan niya ako. "Ganyan ba kapag sobrang habulin, nagiging allergic sa girls? O baka iba na iyan? Kailan ka last may naka-hookup?"

"You and your annoying jokes."

"Huwag mong inisin, Trent. Kita mo na wala sa mood si Dax." Si Daven, namimili sa mga bukas na bote ng alak na puwede niyang inumin.

"Nakakapagtaka na si Dax, eh! Dati-rati regular pang may kinikitang babae sa school. Ngayon wala na akong alam." Trent glanced at my face and twitched his mouth, preventing a grin from forming.

"Try mong mag-maintain ng grades, maging officer at mag-work. Baka maka-relate ka na," sabi ni JT.

"Nagsalita ang F-boy."

"I'm not an F-boy! Normal ang sex drive ko."

Muling tumingin sa akin si Trent. "What happened to yours?"

"There's nothing wrong with it. Hindi

lahat alam mo tungkol sa akin, Trent. Manahimik ka na. Dapat hindi na kita pinapasok rito."

"Are you saying may chick ka na hindi namin alam?"

Nabuwisit na talaga ako nang sabihin niyang "chick" at makikita iyon sa mukha ko.

"Whoa, whoa. Sabing `wag mong inisin, Trent. Gusto mong maubos lahi n'yo? Lugar-lugar din, `tol. Kumpara sa dugo ni Dax, latak lang tayo." Umawat pero nang-asar rin si Daven. Bagay na bagay silang mag-best friend ni Trent. "It's true though?" sabi niya sa akin.

"You're always tensed and unnatural, Dax. Napapansin ko kapag nagkikita tayo sa CSO headquarters. Parang hindi na acad related. Personal problem?" May concern sa tinig ni JT.

"I'm not. I don't know what made you say I was like that. I'm fine."

"Not acads related, then it's sex!" pagmamarunong ni Trent. "You're sexually frustrated. Hindi mo kasi inilalabas, Dax.

Mate-tense ka talaga.”

Tumayo ako. Aalis na lang ako kaysa mapagod sa pagbabanta rito kay Trent. Hindi pa rin naman titigil sa mga hirit niyang walang kakuwenta-kuwenta. “I’m going back to work. Lumabas na lang kayo kapag `tapos na kayong magpakasaya rito.”

Pumunta ako sa bar area. Maliban sa opisina, doon ako madalas mamalagi. Mula roon ay naoobserbahan ko ang lahat. Kapag may kailangan akong ipaayos ay madali rin akong nakakapagtawag ng staff upang mag-utos.

Tatlong taon na mula nang magbukas ang UGC. Binili ko ang motel na kinaroroonan n’on at tinayuan ng night club ang basement. It wasn’t my first business, pero ito ang pinakatinututukan ko. Siguro dahil ito ang pinupuntahan ng maraming tao, *students* like me, kaya nais kong personal na mabantayan dahil nakakaramdam ako ng responsibilidad sa kanila.

Pero kapag mayroong ayaw makinig sa

rules ko sa UGC, I was merciless to them. Kung kailangan ay ipinapa-ban ko sa lahat ng clubs sa Nobles upang hindi ulitin sa mga iyon ang shady dealings nila.

Ipinahanap ko na muna sa club si Blakely. Nang namataan siya ng security staff sa control room ay pinuntahan ko sa dance floor. Mag-isa lang siyang nagsasayaw pero masyado nang nagwawala. Inilabas ko siya sa dance floor. Hindi na siya gaanong nagprotesta dahil paos at pagod na rin. Isinakay ko siya sa taxi bago ako bumalik sa loob ng UGC.

Nakasalubong ko pa si JT na paalis kasama ang isang babae. Ang bilis naka-pick-up. Rather, ang bilis *nakapagpa-pick up*, dahil siya naman ang kusang inaalukan. I snubbed them.

Two a.m. ako umuwi. Sa family house namin, hindi sa penthouse ko, dahil weekend. I saw the nocturnal couple having coffee in the terrace. Itinaas ni Mama ang mga kamay nang matanaw ako.

"Daki! You're home!" masayang bati niya sa akin.

Everytime I would hear that cheerful voice, *I am*. My parents were my home.

Lumapit ako at yumuko upang makahalik si Mama sa pisngi ko. Si Papa ay hinawakan ako sa likod.

"Napakakakisig mo talaga. Ang suwerte ko sa Papa mo, nagkaanak ako na katulad mo." Hinahaplos ni Mama ang mukha ko. Nanatili pa muna ako sa tabi niya dahil ganito siya palagi, hanggang mamaya pa ako iinspeksiyunin at aamuyin na parang elementary pa rin ako.

"Si Papa yata ang masuwerte sa iyo, Ma."

"Nah. I was a nobody. Your father is a king—the founder and secret ruler of this city," pabulong niyang pagbibida.

May ibinulong rin sa kanya si Papa, it made her scrunch up her face at him adorably. I was sure he'd just told her she was not a nobody but the love of all his life.

"Are you dating again? May girlfriend ka?"

baling sa akin ni Mama, puno ng kuryosidad. Nagtaka ako kaya naalala ko si Blakely. Damn, dumikit sa damit ko ang pabango niya nang alalayan ko kanina paalis sa dance floor.

"Kailan pa ako nag-date o girlfriend?" Inamoy ko ang sleeve ng jacket ko. I was repulsed by the perfume's too sensual scent, agad kong nailayo ang braso ko.

"I guess not." Dismayado si Mama. "Hinihintay pa naman namin ng Papa mo kung kailan ka may dadalhing babae rito para ipakilala sa amin. Kailan ba iyon mangyayari, Daki?"

"Darating din tayo ro'n, Ma. `Wag kang magmadali."

Pinagpag ni Mama ang silya sa tabi niya, pinauupo ako. "Tell me and your father what you're looking for in a girl."

I wanted to evade this talk but I couldn't, not without feeling guilty. Hindi ako sanay na dini-disappoint si Mama. Sa bahay na ito, siya ang reyna namin.

"Maganda. Matalino. Talented, of course."

"Napaka-basic naman. You've met a lot of girls. Bigyan mo kami ng Papa mo ng specific qualities na nakakakuha ng pansin mo. Malay mo, may kilala kami."

I shook my head to refuse. "Kung magugustuhan ko, magugustuhan ko."

"Ang problema, once in a blue moon ka lang magkagusto. Baka talunin mo ang Papa mo. Baka fifty ka na mag-asawa."

"Between twenty-seven to twenty-nine ang goal ko."

Lumiwanag ang mukha ni Mama sa ipinaalam ko sa kanila. "Malapit na rin. Hindi mapuputol ang linya n'yo, irog."

"We're not special, walang problema kung mahinto. Do you want kids of your own?" my father asked me.

Hindi ko pa naman masyadong napag-iisipan, but, "In the future? Yes. Why not?" Nagsalin ako ng kape sa porcelain cup. Kaya ko pa ring matulog mayamaya kahit inumin ko iyon. Mana ako sa parents ko.

Sinamahan ko na muna silang

magkuwentuhan sa terrace. Papa was already a senior. He was in his sixties while Mama was in her forties.

When I was a young boy I got teased by some stupid kids because of my parents' large age gap. Kahit hindi naman madalas, hindi pa rin iyon ayos sa akin. Nais ko talagang manakit kapag may nagdi-disrespect sa parents ko, pero kabilin-bilinan ni Papa na `wag basta-basta gagamit ng kamao. Sa attitude ko na lang binawi. I'd turned into a person with an abrasive personality. Sa ganoong paraan walang magtatangkang pagkatuwaan ang pamilya ko sa harapan ko dahil natatakot sila.

"Mahigit isang sem na lang. Tutulong ka ba sa Papa mo sa SLDC pagka-graduate mo?" Si Mama lang ang nakakapagtanong sa akin ng may kinalaman sa future ko. Si Papa okay lang kahit ano'ng maging desisyon ko sa kahit ano.

"Interesado rin ako."

Humawak sa dibdib si Mama, nakahinga

nang maluwag. "Mabuti naman. Ngayon ako nagsisisi na isa lamang ang ibinigay kong anak sa Papa mo."

"Sehana, bagaman nagpapasalamat ako sa pagbibigay mo sa akin kay Dakila, hindi kita pinakasalan para maging palahian."

"Alam ko, irog. Pero sa edad natin ngayon, may mga bagay-bagay akong napapagtanto. Gaya ng mas mainam siguro kung mas malaki tayong pamilya. Hindi pa yata huli para bigyan natin ng kapatid si Daki?"

Si Papa pa ang mas nailang sa aming dalawa. Nakikinig lang ako.

Umiling siya. "I'm old. Ayoko sa ideya na posibleng maagang mawalan ng ama ang iba nating magiging anak."

"Sino ang matanda? Wala ka pa ngang puting buhok. Wala ring senyales na pinapabagal ka na ng edad mo. Kung gugustuhin mo, maigagawa mo ako ng pangalawang Daki bukas rin." Aktong bubuka ang bibig ni Papa ngunit inunahan ni Mama. "Pero sige, naiintindihan ko kung

kuntento ka na sa aming dalawa ni Dakila." She gave him a peck in the lips. "Mahal ka namin, irog."

My father smiled. "Mas mahal ko kayong dalawa."

***

Nagpunta ako sa gym room para ubusin roon ang natitirang lakas ko. Isa't kalahating oras rin akong nakapag-work out bago nag-shower. Dumiretso na ako sa silid ko para matulog.

Magtatanghali na ako gumising. Linggo naman, wala ako masyadong gagawin. Nag-brunch ako kasama ang parents ko. Afterwards, bumalik ako sa silid ko, nagbukas ng laptop at in-organize ang schedule ko at ng org next week.

Lumabas ulit ako para makipag-bonding kay Mama. Gusto niyang manood ng old movie; so we did it together. May ginagawa si Papa pero n'ong patapos na ang pelikula ay sinamahan niya kami kaya nagsalang si Mama ng bagong mapapanood.

Nakaidlip si Mama sa kalagitnaan. Papa gently kissed her cheek.

"Are you up for a match, son?" he asked me.

Agad akong tumayo upang tanggapin ang kanyang hamon. Pumunta kami sa judo room at nagpalit ng judogi. Noong hindi pa ako lumilipat sa penthouse, araw-araw kaming naglalaban rito ni Papa. Hanggang ngayon, hindi ko pa rin siya natatalo maski isang beses. Matagal pa yata bago ako magiging mas malakas sa kanya. O darating pa ba iyon?

We were built the same, pero ibang-iba ang mga karanasan niya kumpara sa akin nang kaedad niya ako. Sa tuwing ikinukuwento sa akin ni Mama kung anong klaseng tao ang ama ko noon, napapailing na lang ako dahil parang sa mga pelikula lang may ganoon. At ibang-iba na rin kasi si Papa ngayon kaysa sa nakaraan niya.

"Wala ka pa ba talagang nagugustuhang babae?" tanong ni Papa. Nakahiga na kami sa mat, parehong hinihingal. Talo ulit ako, pero

hindi naman masakit sa ego dahil si Papa `to.

“Bigla kang nagtanong?” Ngayon lang siya nag-usisa sa personal kong buhay.

“I was twenty-one when my world turned upside down because of a girl…” pagbabalik-tanaw niya.

Wala namang magre-report sa kanya tungkol sa akin sa business school. Wala siyang alam.

“Ipapakilala ko sa inyo kung meron, Pa.”

“Alright. Hihintayin namin ng Mama mo.” Wala siyang alam, pero nakakaramdam? Fuck, he knew it was a big deal. Hindi niya susubukang mag-open up ako sa kanya kung tingin niya wala lang iyon.

“Yeah…” sabi ko na lang, nakatitig pa rin sa kisame. Sa wala pa talaga akong maise-share. *Wala pa*. It was going to be a long process. Kasalanan ko rin naman.

Monday morning, magkikita-kita ulit kami sa CSO headquarters para sa pag-follow up ng issues na t-in-ackle namin last time. Pag-uusapan rin namin ang gaganapin next

weekend na leadership seminar kasama ng student councils ng ibang colleges sa South.

"Morning!" Una ulit na dumating si Sigourney. Hinila niya ang stool sa tabi ko. It was plastic, bumuway nang umupo siya. "Oops!"

Hinawakan ko siya sa likod upang saluhin.

She smiled at me goofily and removed her cardigan. "Thanks, Mr. President. Dependable talaga ang braso mo. Do you workout?" She squeezed my arm. "Oooh! Ang tigas!"

*Here she goes again*. The only girl who loved to tease me a little too much.

Iiling-iling na muli akong bumaling sa laptop ko. "Maaga pa, Wesleyan. Why don't you read that?" tukoy ko sa printout sa lamesa. "Make sure na handa ka sa meeting mamaya."

"Sungit naman this morning! Mababawasan kapogian mo niyan, sige ka!"

I didn't answer. Nagtuloy-tuloy lamang ako sa itina-type ko sa laptop, ngunit palihim

siyang pinanonood. Nakapangalumbaba na siya habang nagbabasa sa tabi ko. The corner of my mouth secretly twitched into a smile.

*Ma, I like her freckles, her pale skin. Her sweet giggles and even her clumsiness. She's the most perfect and beautiful girl I've ever met. I like her so much and it hurts that she isn't mine… yet.*

# CHAPTER 4
## Sigourney

May mga van na naka-park sa labas ng NBSS pagdating ko.

"Sigourney! Are you excited?" Inakbayan ako ni Charmaine.

"Ito ba ang sasakyan natin?"

"Oo. May sira `yung shuttle bus ng school, hindi pa rin naaayos. Wala namang maupahang bus si Dax, nagtatawag na siya kanina sa rental companies. Nataon ang seminar sa festival sa kabilang province. Ubos ang mga sasakyan. Sa company nina Dax

`yang vans. Tara, sakay na tayo!"

Pumasok kami sa sasakyan.

"Dito ka, tabi tayo, Charm!" Hinila ni Blakely na nakaupo sa first row of seats si Charmaine. Napilitan akong pumunta sa may middle seats dahil mahihirapan iyong mga sasakay mamaya kung sasali pa ako sa kanila. Sa bandang likuran ay may nakatambak na supplies, mga gagamitin namin sa two-day seminar.

"Nasaan si Ryan mo, Blake?" tanong ni Charmaine.

"Nand'un sa isang van na puno na! Nakakahiya namang ayain siyang lumabas ro'n at samahan ako rito," pamaktol na sagot ni Blakely.

"Akala ko MU na kayo? Ba't hindi halata? Ilusyon mo lang yata `yon!"

"Hoy, hindi, ah! Naging close kami sa office ni Uncle nang pilitin nila akong kumuha ng summer job do'n. Tinutulungan niya ako parati kapag nagkakamali ako. Ewan d'un, kapag nandito kami sa school hindi ako

masyadong pinapansin. Pero kagabi naman, magka-chat pa kami."

Nagse-share pala si Blakely kay Charmaine tungkol sa kanilang dalawa ni Ryan. Nakaka-OP naman! Sino kaya'ng makakatabi ko rito sa upuan? Sana ka-close ko rin! Mahigit three hours pa naman ang biyahe.

"Baka nahihiya lang siya kapag nasa school kami kasi employee siya ni Uncle."

"Gagi, dapat nga sa company siya mas mahiyang lumapit sa iyo. Mabait lang siya sa iyo n'ong summer kasi relative ka ng company owner. Dito sa school wala siyang pakialam sa iyo. Aminin mo na!"

"`Kaasar ka! Lalo mong ginugulo isip ko sa relasyon namin!"

"Relasyon!" Humagalpak ng tawa si Charmaine. "Wala nga, eh! Ilusyon mo lang!"

"Huy, baka umiyak si Blake, Charm," sabi ko sa co-officer ko. Lakas makapang-asar, eh! Kapag ako nagka-lovelife hindi ko ise-share sa kanya. Char! Para namang magkakaroon na!

Bumukas ang pinto ng van. Napakagat-

labi ako nang makita ko si Dax. Ini-scan niya ang loob ng sasakyan bago siya pumasok. Shit! `Buti na lang hinila ni Blakely si Charmaine kanina! Si Dax ang makakatabi ko!

"Hindi talaga naaayos `yung shuttle bus, Dax?" tanong ni Charmaine.

"Yeah," he answered. He looked a bit haggard. First major activity kasi namin iyon sa CSO `tapos nagkaaberya pa. Nilingon niya ang mga gamit sa likod. "Nasisikipan ba kayo rito?"

"Ayos lang! Mas gusto ko sa van. Nasusuka ako sa air-con na bus," sabi ni Charmaine.

"Okay lang," sabi ko naman nang tingnan ako ni Dax.

Ipinalit niya ang bag niya sa upuan. "Labas muna ulit ako saglit." Bumaba siya.

"Stressed na ang president natin," komento ni Charmaine.

Tumango ako. Hindi madaling maapektuhan si Dax ng kahit anong issues sa school, pero napansin namin na ayaw niyang

nile-let down kami. Basta kapag alam niyang maaapektuhan kami, hindi na niya titigilan hangga't hindi niya naaayos. Nakakatuwa ang ugali niyang iyon, honestly.

"Tulungan mo kaya, Vice President Sigourney? Puwede naman," suhestiyon ni Charmaine.

"Ay, oo nga! Sorry na, hindi pa nakakapagkape!" Nagmadali akong bumaba ng van upang habulin si Dax. Napalingon siya nang hawakan ko siya sa braso. "Kailangan mo ng assistant?"

Hindi tumanggi si Dax na samahan ko. May kasama kaming professor sa activity na iyon kaya ang akala ko ito na ang bahala sa amin. Kaso itong si Dax napaka-responsable talaga! Pati tuloy ako nama-maximize ang pagiging vice president sa CSO.

Almost seven a.m. na kami nakaalis sa NBSS.

"Dax, si Sigourney hindi pa raw nakakapagkape this morning," parinig ni Charmaine. Siya naman mina-maximize ang

pagiging mayaman ni Dax! Grabe talaga! Pero nakikinabang rin naman kami sa kakapalan ni Charmaine sa totoo lang. He-he.

"Hindi na tayo makakadaan sa coffee shop. Mali-late tayo. Ito na lang ang inumin n'yo." Inabot ni Dax ang grocery bag sa likod at ipinasa sa amin ang kinuha niya roong mga coffee in can. "Sorry, iyan lang," sabi niya pagkabigay ng sa akin.

"It's okay. Favorite ko ito." Binabasa ko ang label ng coffee in can. Madalas akong bumili n'on.

"Pag-uwi na lang natin, Dax! Treat mo kami," hirit ulit ni Charmaine.

Kami-kami lang sa van, hindi na nadagdagan, at mas okay iyon sa akin. Hindi masyadong maingay sa sasakyan. Nakapagkuwentuhan pa kami ni Dax sa biyahe. Sina Charmaine at Blakely ay may sarili ring mundo.

"Are you comfortable in your seat?" tanong sa akin ni Dax.

Tumango ako. Bakit nakakakilig na

tinatanong niya ako ng ganoon? Nakakainis!

"Charmaine, ayos lang kayo riyan?"

"Yup!"

Napasimangot ako. Na-cancel ang kilig ko nang tanungin niya rin ang co-officers namin. Nakakainis talaga si Dax, ayaw panindigan ang kilig ko!

Sa isang nature resort and events venue gaganapin ang student leadership seminar namin. Hindi kami roon nagpa-book ng accommodation tulad ng ibang schools. Sabi kasi ni Dax punuan na raw ang hotel at dormitory.

"Dax! Dax! Dito tayo mamaya, `di ba?" Itinuturo ni Blakely ang nadaraanan namin. The whole property was fenced. Hindi ko masyadong kita kung ano ang meron maliban sa mga puno. "Ganda riyan! Diyan nagpakasal cousin ko three years ago."

"Eh di mahal?!" tanong ni Charmaine, sinilip si Dax sa gap ng mga upuan. "Magkano binayaran natin?"

"Wala. Kakilala ni Papa ang owner."

"Hala! May mayaman ba na hindi kakilala ng Papa mo? Blake, gaano kayaman sina Dax?"

"`Wag mo nang tanungin. Made-depress ka lang na hindi ka anak ng parents niya. Ako nga affected. Eh di sana, pinapayagan akong makapag-shopping abroad every month, hindi twice a year lang!"

"Arte! Ako nga sa tiangge bumibili ng gamit!"

"Sucks to be you."

"At least hindi ako nag-iimbento ng ka-MU! Bwa-ha!"

"I wasn't lying! Like rin talaga ako ni Ryan. Cross my heart, hope you die!"

"Gaga ka! Dadamay mo pa ako! Um, um! `Yan ang sa iyo!" Naghampasan sila ng dala nilang travel neck pillows.

Napangiti ako sa pagkukulitan ng dalawa sa unahan namin. Sinulyapan ko naman si Dax. Kausap niya sa cellphone ang adviser namin na nasa kabilang van to make sure na walang nag-iba ng ruta dahil malapit-lapit na

kami.

Thirty minutes later, bumaba kami ng sasakyan. Bukod sa vans namin, may apat na shuttle bus from other schools sa parking area malapit sa gate. Mataas ang lugar na iyon kaya medyo malamig kahit mag-e-eleven na kami dumating.

Nagpaalam sa amin si Dax na pupuntahan ang adviser namin. Sasama sana ako pero kaya na niya raw.

Naglibot kami nina Charmaine at Blakely. Maraming ibang college students na nag-e-explore sa paligid. Napapalingon kay Blakely ang ilan sa mga ito. Ang sexy kasi niyang tingnan kahit naka-blazer at wide-leg pants. Ang buhok niya ay naka-high bun.

Ako, the usual clothes lang na isinusuot ko. Cardigan, color blocking na blouse at long skirt, although naka-sneakers ako ngayon dahil alam kong medyo mabundok sa destinasyon namin.

"Si Dax?" tanong ni Ryan paglapit sa amin.

"May inaayos yata sila ni Mr. Santos. Baka sa registration natin," tugon ni Charmaine.

"Puwede na raw pumunta sa dining hall para kumain."

"Ano'ng nakahandang food? Nakita mo?" tanong ni Blakely kay Ryan, nagliliwanag ang mukha.

"Ewan, pero organic shit daw. Sunod na kayo?"

"Wait for me!" Blakely tagged along with Ryan.

"Organic shit," Charmaine mimicked Ryan. "*Rakenrol* ka, dude?" `Tapos natawa siya. "Sigourney, tingnan mo ang lakad ni Blake, parang may kumikiliti sa kanyang bulate sa puwitan. Landi!"

"Saya siya, eh. Ganyan talaga kapag bata pa at nagka-crush. Walang preno sa pagkakilig."

"Kaso para namang bato si Ryan! Sana huwag umiyak si Blakely balang-araw."

Sa open dining hall na kami ulit nagkita ni Dax. Tumabi siya kay Charmaine dahil may

nakaupo na sa magkabilang side ko sa pahabang wooden table. *Feeling ko naman tatabihan ako ni Dax if ever*. Pero baka? Vice niya naman ako kaya dapat palagi kaming magkadikit. Baka naman ganoon rin ang iniisip niya, eh di ang saya!

"How's the food?" tanong niya sa amin.

Nag-*OK* sign sa kanya si Charmaine.

"Daming salad. I'm happy," komento ni Blakely, pero halatang ang katabi ang totoong nagpapasaya sa kanya. Inalok niya si Ryan ng grilled salmon sa plate niya na hindi niya kakainin pero tiningnan siya nito nang weird at tumanggi. Still she just smiled.

"Just eat, Mr. President," sabi ko kay Dax. Ayaw mag-relax, eh! Hindi naman mga bata ang kasama niya para masyado niyang alagaan.

Tiningnan niya ako at saglit na nagtama ang mga mata namin. Everytime that happened, parang eternity ang katumbas ng one second. Ang dami kong napi-pick up sa mga mata niya na siyempre, alam kong gawa-

gawa lang ng isip ko kaya dine-deadma ko lang.

Tumingin siya sa plate niya at humiwa ng salmon. I kept on watching him while he was eating. Siya lang naman ang masarap panoorin roon. He wasn't the only wealthy person there, but dude looked so expensive and elegant everyone knew we couldn't afford him.

"Sayang wala si JT," sabi ko.

"Oo nga. Bakit hindi mo pinilit na sumama, Dax?" tanong ni Charmaine.

Ibinaba ni Dax ang mga kubyertos at dinampian ng panyo ang mga labi. Grabe, may panyo talaga! Ako nga tissue lang palagi ang dala para disposable.

"Hindi na niya kailangan. Ang dami nang seminars na pina-attend-an sa kanya ng lola niya," matabang na sagot ni Dax.

"Sayang, wala tayong maipantatapat sa mga guwapo from the other schools."

Dax suddenly turned to glare at Charmaine who was scanning the whole

dining hall. I almost burst out in a laugh. Ang chill at professional kasi niya sa ibang bagay, pero sa sinabi ni Charmaine pa talaga siya nag-react nang ganoon! Parang batang nabanas talaga! Ha-ha!

"Oh c'mon! Alam kong guwapo ka rin, Dax, pero lalaban ka pa ba sa papogian? Kababawan lang sa iyo ang makipag-compete sa ibang lalaki, tama?" natatawang sabi ni Charmaine.

"I think he's competitive," komento ko.

"You're the total package na, taob na silang lahat sa iyo, Dax. `Wag ka nang magalit," bumubungisngis na sabi ni Blakely.

"Now there's three of you making fun of me." Tiningnan ako ni Dax na parang ako ang sinisisi niyang pasimuno ro'n although hindi naman inis sa akin ang ekspresyon niya. Parang mayroon lang siyang tinitimbang sa isip.

"I'm serious!" giit ni Blakely, still giggling. Napatingala siya nang tumayo si Ryan at naglakad ito patungo sa buffet table. Nagtalo

ang isip niya kung susunod kahit puno pa ang pinggan niya.

Nag-peace sign ako kay Dax. "Sorry. Mas marami kaming girls sa CSO. Pagpasensiyahan mo na kami. We're really just in awe of you, Mr. President." I grinned at him.

"Stop, Sigourney! Baka hindi ituloy ni Dax ang promise niyang iti-treat tayo bago tayo bumalik sa Nobles."

"Nag-sorry na nga ako," sabi ko kay Charmaine.

I looked at Dax. Parang nire-revise na niya ang mga desisyon sa buhay. Napangiti ako lalo sa kanya. Ang cute niya kapag ganito siya na may doubts sa sarili. All of a sudden parang kaya namin siyang abutin. Kaya siguro idinadaan ko sa biro ang pagpi-flirt sa kanya? Kung seseryosohin ko kasi parang magmumukha akong tangang ilusyunada.

I wasn't even in Blakely's level, and Blakely wasn't his type.

"Ba'la kayo. Labas ako riyan. Dax, sabi ko

total package ka, ha. `Wag mong i-ruin ang business ng daddy ko. Ang higpit na nga sa pera ngayon pa lang. Ayokong maging poor!"

"You're talking nonsense," sabi ni Dax kay Blakely, malayo pa rin ang itinatakbo ng isip. Itinulak niya ang pinggan niya.

"Konti lang kinain mo," komento ko.

"It's bland."

Magpiprisinta sana akong ikuha siya ng dessert kaso pinintasan na niya ang food roon, eh! Tumahimik na lang ako. Ano ba'ng magagawa ko kung walang lasa sa kanya kahit para sa akin masarap naman? Magkaiba siguro talaga ang standard namin at sobrang taas ng nakasanayan niya.

Sa dining hall na rin sinimulan ang seminar. Matapos linisin ng mga staff ang mga table ay w-in-elcome kami officially ng organizer at resort owner. Sa nakabukas na LED TV, in-introduce sa amin ang mga magiging speaker sa two-day event. Nagsalita na rin sa harapan ang first speaker na young city vice mayor/businessman. Medyo boring,

`buti na lang binawi sa venue. Kung nasa closed room kami baka inantok na kaming lahat.

Lumipat kami sa Pavilion Hall para sa sumunod na activity. It was more interactive, nag-enjoy na kaming lahat. But thankfully, ang mga presidente lang ang may pinakamaraming participation. Active ako sa extracurricular activities since elem but honestly napilitan lang ako sa lahat ng iyon. Wala ako ng leadership skills ni Dax. Hindi ko kayang magdala ng grupo.

Four o' clock natapos ang day's event. Mas marami kaming gagawin bukas. Seven a.m. kami mag-i-start. May ilang nag-aya na mag-explore pa ulit kami sa resort pero nanalo iyong mga excited nang pumunta sa kabilang resort na tutuluyan namin.

It was a botanic park. Sa bungad ay medyo patag pa ang lupa, pero sa may bandang looban ay hilly na. Gayunpaman ay nagawa pa ring i-develop ang bawat sulok ng lugar. Ang ganda! Kahit saan tumingin ay picture

perfect. Hindi na nga maalis ang tingin namin sa labas ng bintana kahit nasa van pa lang kami at papasok sa park.

"Oh my gosh, this is the most beautiful place ever!" bulalas ni Charmaine. "Puwede na ba tayong bumaba?" hindi mapakaling tanong niya, kating-kati nang mag-photo op.

"We're close. Ilagay n'yo na muna ang mga gamit n'yo sa tutuluyan natin," sabi ni Dax.

"Kaya nga. Parang ewan `to. Magpapakalat-kalat ka na agad, hindi pa nga tayo nakaka-check in," mas prangkang sabi ni Blakely.

"Ay sorry na po, ha? Excited lang."

"Excited rin naman me. Dito ko pangarap i-hold ang wedding ko someday, like my cousin. Kaso so mahal, need na i-rent ang whole place."

Huminto kami sa reception. Sumama kami sa loob para makapag-stretch ulit ng mga binti. Nagulat pa ako dahil local na local ang dating ng mga bumati sa amin. Akala ko mga mukhang international ang staff na

bubungad sa amin dahil sa ambience roon.

Si Dax ang nag-asikaso sa pag-check in namin. Friendly sa lahat ang staff pero sa kanya ay mas magalang ang mga ito. May kumusta pa sa Mama at Papa niya.

"Kina Dax ba ito?" pabulong na tanong sa amin ni Charmaine.

"I didn't know," nanlalaki ang mga mata na bulong rin ni Blakely.

"Sigourney, nag-OJT ka sa SLDC n'ung summer, ah. Ba't hindi mo alam?" tanong pa sa akin ni Charmaine.

"Parang ang tagal ko sa company nila. Saka sa accounting ako. Ang tatahimik ng mga tao ro'n."

Nilapitan kami ni Dax nang natapos siya, may ibinigay sa aming keys at mapa ng lugar. Pagkakuha ay sabay pa kaming napalayo ni Charmaine sa kanya dahil sinampal kami ng yaman niya. `Tapos ang lakas ng loob naming biru-biruin lang siya!

"What is it this time?" He sighed exasperatedly. Tinawag siya ni Mr. Santos

kaya nilapitan niya ang adviser namin.

"Bakit hindi mo jowa-in si Dax, Blake? Para lalo kang yumaman kapag pinakasalan ka," sabi ni Charmaine.

"Nah. He's too much for me and I like someone else."